

Espesyal na Edukasyon  
... serbisyo, hindi isang lugar.

# Abiso Ukol sa Mga Pamprotektang Hakbang sa Proseso Hinggil sa Espesyal na Edukasyon para sa Mga Mag- aaraal at sa Kanilang Mga Pamilya

*Mga Atas sa ilalim ng Part B ng Batas sa Edukasyon ng Mga Indibidwal na may Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act), mga Pederal na Regulasyon (Federal Regulations), at ang Mga Patakaran ng Estado na Namamahala sa Espesyal na Edukasyon (State Rules Governing Special Education)*

Nirebisa noong Pebrero 2019

Glenna Gallo, M.S., M.B.A.

Katulong na Superintendente ng Espesyal na Edukasyon sa OSPI

Inihanda ng:

- Espesyal na Edukasyon  
[speced@k12.wa.us](mailto:speced@k12.wa.us) | 360-725-6075



**Office of Superintendent of Public Instruction**  
**Chris Reykdal, State Superintendent**

*All students prepared  
for post-secondary pathways,  
careers, & civic engagement.*

# TALAAN NG MGA NILALAMAN

Pangkalahatang Impormasyon.....	6
Panimula.....	6
Para Kanino ang Abisong Ito .....	6
Para sa Higit Pang Impormasyon.....	6
Abiso Ukol sa Mga Pamprotektang Hakbang sa Proseso .....	7
Paunang Nakasulat na Abiso .....	7
Pangunahing Wika .....	8
Elektronikong Liham (Electronic Mail).....	9
Pahintulot ng Magulang – Kahulugan.....	9
Pahintulot ng Magulang – Mga Kinakailangan.....	10
Pahintulot para sa Paunang Pagsusuri .....	10
Espesyal na Patakaran para sa Paunang Pagsusuri ng Mga Ward ng Estado .....	10
Pahintulot ng Magulang para sa Mga Inisyal na Serbisyo at Pagbawi ng Pahintulot para sa Mga Ipinagpatuloy na Serbisyo .....	11
Pahintulot ng Magulang para sa Mga Muling Pagsusuri .....	12
Dokumentasyon ng Mga Makatwirang Pagsisikap upang Makakuha ng Pahintulot ng Magulang .....	13
Iba Pang Impormasyon sa Pahintulot.....	13
Mga Independiyenteng Pagsusuring Pang-edukasyon (Independent Educational Evaluations o IEE) .....	14
Mga Kahulugan.....	14
Karapatan ng Magulang na Magkaroon ng IEE na Gastos ng Publiko .....	14
Mga Pagsusuring Sinimulan ng Magulang .....	15
Mga Kahilingan para sa Mga Pagsusuri ng Mga Hukom sa Administratibong Batas (Administrative Law Judges o ALJ) .....	15
Pamantayan ng Distrito.....	15
Mga Kahulugan sa Pagkakumpidensyal ng Impormasyon .....	15
Personal na Makakapagpakilala.....	16
Abiso sa Mga Magulang .....	16
Mga Karapatan sa Pag-access .....	17
Tala ng Access.....	18
Mga Tala sa Higit sa Isang Bata.....	18
Listahan ng Mga Uri at Lokasyon ng Impormasyon .....	18
Mga Bayarin.....	18
Pag-amyenda sa Mga Tala sa Kahilingan ng Magulang.....	18
Oportunidad para sa Pagdinig, Mga Pamamaraan sa Pagdinig, at Mga Resulta ng Pagdinig.....	19
Pahintulot para sa Pagbubunyag ng Personal na Makakapagpakilalang Impormasyon.....	19

Mga Proteksyon para sa Personal na Makakapagpakilalang Impormasyon.....	20
Pagwasak, Pagpapanatili at Pag-iimbak ng Impormasyon.....	20
Mga Pamamaraan sa Resolusyon ng Mga Hindi Pagkakaunawaan sa Espesyal na Edukasyon.....	21
Pamamagitan.....	21
Pangkalahatan.....	21
Kawalan ng Kinikilingan ng Tagapamagitan.....	22
Mga Pagkakasundong Nakakamit sa Pamamagitan .....	22
Ang Mga Pagkakaiba sa Pagitan ng Mga Pagsisiyasat sa Reklamo ng Mamamayan Hinggil sa Espesyal na Edukasyon at Mga Patas na Proseso ng Pagdinig.....	22
Mga Pamamaraan Ukol sa Reklamo ng Mamamayan.....	23
Paghahain ng Reklamo .....	23
Mga Pagsisiyasat sa Reklamo .....	24
Pagsisiyasat, Pagpapahaba, Nakasulat na Desisyon .....	24
Mga Solusyon sa Reklamo .....	25
Mga Reklamo ng Mamamayan Ukol sa Espesyal na Edukasyon at Patas na Proseso ng Pagdinig.....	25
Mga Pamamaraan sa Patas na Proseso ng Pagdinig.....	25
Pangkalahatan.....	25
Paghahain.....	26
Kailangan ng Abiso Bago ang Pagdinig sa Kahilingan sa Patas na Proseso ng Pagdinig...	26
Kasapatan ng Kahilingan sa Pagdinig.....	27
Pag-amyenda sa Kahilingan sa Pagdinig .....	27
Tugon ng Distrito sa Kahilingan sa Patas na Proseso ng Pagdinig.....	27
Ang Tugon ng Kabilang Partido sa Kahilingan sa Patas na Proseso ng Pagdinig.....	28
Mga Modelong Form.....	28
Placement ng Mag-aaral Habang Nakabinbin ang Patas na Proseso ng Pagdinig.....	28
Proseso ng Resolusyon.....	29
Pagpupulong para sa Resolusyon.....	29
Panahon ng Resolusyon .....	30
Mga Pagbabago sa 30-Araw sa Kalendaryo na Panahon ng Resolusyon .....	31
Nakasulat na Kasunduan sa Pagsasaayos.....	31
Panahon ng Pagsusuri sa Kasunduan .....	31
Walang Kinikilingang Patas na Proseso ng Pagdinig .....	32
Pangkalahatan.....	32
Hukom sa Administratibong Batas (ALJ) .....	32
Usaping Pinapatungkulan ng Patas na Proseso ng Pagdinig.....	32
Nakalaang Panahon para sa Paghiling ng Pagdinig .....	32
Mga Pagbubukod sa Nakalaang Panahon .....	33
Mga Karapatan sa Pagdinig .....	33
Pangkalahatan.....	33

Karagdagang Pagbubunyag ng Impormasyon .....	33
Mga Karapatan ng Magulang sa Mga Pagdinig .....	33
Mga Nakalaang Panahon at Kaginhawaan ng Mga Pagdinig.....	34
Mga Desisyon sa Pagdinig.....	34
Desisyon ng ALJ.....	34
Sugnay sa Konstruksyon .....	34
Hiwalay na Kahiligan para sa Patas na Proseso ng Pagdinig.....	35
Ang Mga Pagpapasya at Desisyon sa Tagapayong Lupon at Pangkalahatang Publiko.....	35
Pagiging Pinal ng Desisyon; Apela .....	35
Mga Karapatang Sibil, Kabilang ang Nakalaang Panahon Kung Kailan Makakapaghain ng	
Mga Pagkilos na Iyon.....	35
Pangkalahatan.....	35
Limitasyon sa Oras .....	36
Mga Karagdagang Pamamaraan.....	36
Patakaran sa Konstruksyon.....	36
Mga Kabayaran sa Abogado .....	36
Pangkalahatan.....	36
Pagkakaloob para sa Mga Bayarin .....	37
Mga Paraan ng Pagdisiplina sa Mga Mag-aaral na Kwalipikado para sa Espesyal na	
Edukasyon.....	38
Awtoridad ng Tauhan ng Paaralan.....	38
Pagtukoy sa Bawat Kaso.....	38
Pangkalahatan.....	39
Karagdagang Awtoridad .....	39
Mga Serbisyo.....	39
Pagpapalit sa Placement Nang Dahil sa Mga Pandisiplinang Pag-aalis.....	40
Pag-aabiso .....	41
Pagtukoy sa Manipestasyon.....	41
Pagtukoy Kung ang Asal ng Mag-aaral ay Manipestasyon ng Kanyang Kapansanan.....	41
Mga Espesyal na Sitwasyon.....	42
Mga Kahulugan.....	42
Pagtukoy sa Setting.....	43
Mga Pamamaraan sa Patas na Proseso ng Pagdinig para sa Pagdidisiplina.....	43
Awtoridad ng Hukom sa Administratibong Batas (ALJ) .....	43
Placement sa Panahon ng Mga Pinabilis na Patas na Proseso ng Pagdinig .....	44
Mga Proteksyon para sa Mga Mag-aaral na Hindi pa Kwalipikado sa Espesyal na	
Edukasyon at sa Mga Nauugnay na Serbisyo.....	44
Pangkalahatan.....	44
Basehan ng Kaalaman para sa Mga Usaping Pandisiplina .....	45
Pagbubukod .....	45
Mga Nalalapat na Kundisyon Kung Walang Batayan ng Kaalaman .....	45

Mungkahi at Pagkilos ng Tagapagpatupad ng Batas at Mga Panghukumang Awtoridad .....	46
Pagpapasa ng Mga Tala .....	46
Mga Kinakailangan para sa Partikular na Placement ng Mga Magulang ng Mga Mag-aaral sa Mga Pribadong Paaralan sa Gastos ng Publiko .....	46
Reimbursement Para sa Placement sa Pribadong Paaralan.....	46
Limitasyon sa Reimbursement.....	47
Mga Mapagkukunan .....	48

## Pangkalahatang Impormasyon

### Panimula

Sa Batas sa Edukasyon ng Mga Indibidwal na May Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act o IDEA) ng 2004, hinggil sa edukasyon ng mga mag-aaral na may kapansanan, inaatasan ang mga paaralan na bigyan ka, ang mga magulang ng isang mag-aaral na may kapansanan o hinihinalang kapansanan, ng abiso na nagsasaad ng kumpletong pagpapaliwanag tungkol sa mga karapatang mayroon ka alinsunod sa IDEA at sa mga regulasyon ng Departamento ng Edukasyon ng U.S. Pinangangasiwaan ng Opisina ng Tagapangasiwa ng Pamublikong Pagtuturo (Office of Superintendent of Public Instruction o OSPI) ang mga patakaran ng Estado na nangangasiwa sa probisyon ng espesyal na edukasyon. Makikita ang mga patakarang ito sa Kabanata 392-172A ng Administratibong Kodigo ng Washington (Washington Administrative Code o WAC). Sumusunod ang dokumentong ito sa Modelo ng Abiso Ukol sa Mga Pamprotektang Hakbang sa Proseso ng Departamento ng Edukasyon ng U.S. na nirebisa noong Hunyo 2009.

### Para Kanino ang Abisong Ito

Ang abisong ito ay para sa mga magulang, tumatayong magulang, at mag-aaral na nasa hustong gulang na. Ang mga pagbanggit ng salitang "ikaw" o "magulang" at "ang iyong anak" ay nalalapat din sa mga tumatayong magulang at mag-aaral na nasa hustong gulang na. Sa abisong ito, ang mga pagbanggit sa salitang "distrito ng paaralan" o "distrito" ay sumasaklaw din sa mga charter school at iba pang pamublikong ahensya, gaya ng mga distrito ng serbisyong pang-edukasyon at ahensya ng serbisyong pang-edukasyon.

### Para sa Higit Pang Impormasyon

Makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon at tungkol sa mga pamprotektang hakbang sa proseso na ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa direktor ng espesyal na edukasyon ng iyong lokal na distrito ng paaralan, sa sentro ng impormasyon at pagsasanay para sa magulang ng estado, sa Partnerships for Action Voices for Empowerment (Washington Pave), o sa pamamagitan ng OSPI. Nagpapanatili ang OSPI ng web page na tumutugon sa espesyal na edukasyon sa [Office of Superintendent of Public Instruction - Special Education](#). Ang OSPI ay may mga tagapangasiwa ng programa at tagapag-ugnay sa magulang ng espesyal na edukasyon at komunidad upang tulungan ka sa iyong mga tanong tungkol sa programa ng espesyal na edukasyon na natatanggap ng iyong anak. Maaabot mo ang OSPI, Espesyal na Edukasyon sa 360-725-6075, OSPI TTY 360-664-3631, o [speced@k12.wa.us](mailto:speced@k12.wa.us).

## Abiso Ukol sa Mga Pamprotektang Hakbang sa Proseso 34 CFR §300.504; WAC 392-172A-05015

Dapat kang bigyan ng kopya ng abisong ito (1) isang beses kada taong panuruan (school year), at: (2) sa paunang mungkahi o sa iyong kahilingan sa pagsusuri; (3) sa pagtanggap ng distrito sa iyong unang reklamo ng mamamayan hinggil sa espesyal na edukasyon sa isang taong panuruan; (4) sa pagtanggap ng distrito sa iyong unang kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig sa isang taong panuruan; (5) kapag mayroon nang desisyon na magsagawa ng aksiyong pandisiplina na may kasamang pagpapalit ng placement; at, (6) kapag hiniling mo.

Kasama sa abiso ukol sa mga pamprotektang hakbang sa proseso na ito ang kumpletong pagpapaliwanag sa lahat ng pamprotektang hakbang sa prosesong nauugnay sa partikular na placement ng iyong anak sa isang pribadong paaralan na gagastusan ng publiko, ang mga pamamaraan sa paghahatid ng reklamo ng mamamayan hinggil sa espesyal na edukasyon, ang ipinabatid na pahintulot, ang mga pamprotektang hakbang sa proseso na kasama sa Subpart E ng mga regulasyon sa Part B ng IDEA, at ang pagkakumpidensyal ng mga probisyon ng impormasyon na nasa Subpart F ng mga regulasyon ng Part B ng IDEA. Maaaring piliin ng mga distrito na gamitin ang abisong ito o gumawa ng sarili nilang abiso ukol sa mga pamprotektang hakbang sa proseso para sa mga magulang.

## Paunang Nakasulat na Abiso 34 CFR §300.503; WAC 392-172A-05010

Dapat kang bigyan ng iyong distrito ng paaralan ng impormasyon sa pasulat na paraan tungkol sa mahahalagang desisyon na nakakaapekto sa programa ng espesyal na edukasyon na natatanggap ng iyong anak. Tinatawag itong paunang nakasulat na abiso at isa itong dokumento na sumasalamin sa mga desisyong ginawa sa isang pagpupulong, o ng distrito, bilang tugon sa isang kahilingang ginawa mo. Kinakailangan ng distrito na magpadala sa iyo ng paunang nakasulat na abiso pagkatapos magkaroon ng desisyon, ngunit bago ipatupad ang desisyon. Ang mga desisyong ito ay nauugnay sa mga mungkahi o pagtangga na simulan o palitan ang pagkakakilanlan, pagsusuri, placement, o probisyon ng isang FAPE sa iyong anak.

Dapat ay kasama sa paunang nakasulat na abiso ang:

- Kung ano ang iminumungkahi o tinatanggihang aktibidad ng distrito;
- Isang paliwanag kung bakit nagmumungkahi o tumatanggi ang distrito na magsagawa ng pagkilos;
- Isang paglalarawan sa anumang iba pang opsyon na isinasaalang-alang ng IEP (Individualized Educational Plan) team at ang mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga opsyon na iyon;

- Isang paglalarawan sa bawat paraan ng pagsusuri, pagtatasa, tala, o ulat na ginamit bilang batayan ng pagkilos;
- Isang paglalarawan sa anumang iba pang salik na nauugnay sa pagkilos;
- Isang paglalarawan sa anumang paraan ng pagsusuri na iminumungkahi ng distrito na isagawa para sa paunang pagsusuri at sa anumang mga muling pagsusuri;
- Isang pahayag na ang mga magulang ay protektado ng mga pamprotektang hakbang sa prosesong inilarawan sa maliit na aklat na ito;
- Kung paano ka makakakuha ng kopya ng maliit na aklat ng abiso na ito ukol sa mga pamprotektang hakbang sa proseso; o paano ka magsasama ng isang kopya ng maliit na aklat ng abiso ukol sa mga pamprotektang hakbang sa proseso na ito kung walang ibinigay sa iyo; at,
- Mga mapagkukunang maaari mong lapitan upang makakuha ng tulong sa pag-unawa sa mga pamprotektang hakbang sa proseso na ito.

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa kung kailan ka makakatanggap ng paunang nakasulat na abiso:

- Gustong suriin o muling suriin ng distrito ang iyong anak, o tinatanggihan ng distrito na suriin o muling suriin ang iyong anak.
- Pinapalitan ang IEP o placement ng iyong anak.
- Humiling ka ng pagpapalit ngunit tumatangi ang distrito na isagawa ang pagpapalit.
- Binigyan mo ang distrito ng nakasulat na abiso na binabawi mo ang pahintulot para sa iyong anak na makatanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon.

Dapat ay ginawa ang paunang nakasulat na abiso sa wikang mauunawaan ng karamihan sa publiko at sa iyong pangunahing wika o iba pang paraan ng pakikipag-ugnayan na ginagamit mo, maliban na lang kung hindi ito posibleng maisagawa. Kung ang iyong pangunahing wika o iba pang paraan ng pakikipag-ugnayan ay isang wikang hindi naisusulat, dapat magsagawa ng mga hakbang ang distrito na nagtitiyak na: (1) isinalin ang abiso sa pasalitang paraan o sa iba pang mga paraan na tutumbas sa iyong pangunahing wika o iba pang mga paraan ng pakikipag-ugnayan; (2) nauunawaan mo ang nilalaman ng abiso; at, (3) may nakasulat na katibayan na natugunan ang mga pangangailangan alinsunod sa (1) at (2).

## Pangunahing Wika

34 CFR §300.29; WAC 392-172A-01120

Ang *pangunahing wika*, kapag ginamit kaugnay ng indibidwal na may limitadong kakayahan sa pag-unawa ng Ingles, ay nangangahulugan na:

1. Ang wikang karaniwang ginagamit ng taong iyon, o, sa kaso ng bata, ang wikang karaniwang ginagamit ng mga magulang ng bata.
2. Sa lahat ng direktang ugnayan sa isang bata (kasama ang pagsusuri sa bata), ang wikang karaniwang ginagamit ng bata sa bahay o kapag siya ay nag-aaral.



Para sa isang taong hindi nakakarinig o hindi nakakakita, o para sa isang taong walang nasusulat na wika, ang ginagamit na paraan ng pakikipag-ugnayan ay kung ano ang karaniwang ginagamit ng taong iyon (gaya ng sign language, Braille, o pasalitang pakikipag-ugnayan).

### Elektronikong Liham (Electronic Mail) 34 CFR §300.505; WAC 392-172A-05020

Kung ang iyong distrito ay nag-aalok sa mga magulang ng opsyon na makatanggap ng mga dokumento sa pamamagitan ng e-mail, maaari mong piliing matanggap ang sumusunod sa pamamagitan ng e-mail:

1. Paunang nakasulat na abiso;
2. Abiso ukol sa mga pamprotektang hakbang sa proseso; at,
3. Mga abisong nauugnay sa kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig.

### Pahintulot ng Magulang – Kahulugan 34 CFR §300.9; WAC 392-172A-01040

Ang ibig sabihin ng *pahintulot* ay:

1. Ganap na naipabatid sa iyo, sa iyong pangunahing wika o iba pang paraan ng pakikipag-ugnayan (gaya ng sign language, Braille, o pasalitang komunikasyon) ang lahat ng impormasyong nauugnay sa pagkilos na pinapahintulutan mo;
2. Nauunawaan mo at sumasang-ayon ka sa pasulat na paraan sa pagkilos na iyon, at inilalarawan ng pahintulot ang pagkilos na iyon at inilista nito ang mga tala (kung mayroon) na ilalabas at kung para kanino ang mga ito; at,
3. Nauunawaan mo na ang pahintulot ay boluntaryo sa iyong bahagi at maaari mong bawiin ang iyong pahintulot anumang oras.

Kung gusto mong bawiin ang iyong pahintulot pagkatapos magsimulang makatanggap ang iyong anak ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon, dapat mo itong gawin sa pasulat na paraan. Hindi pinapawalang-bisa (maiaalis) ng iyong pagbawi ng pahintulot ang pagkilos na nasimulan na pagkatapos mong ibigay ang iyong pahintulot at bago bawiin ito. Bukod dito, hindi inatasan ang distrito ng paaralan na amyendahan (baguhin) ang mga tala ng edukasyon ng iyong anak at alisin ang anumang pagbanggit sa pagtanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon ng iyong anak.

## Pahintulot ng Magulang – Mga Kinakailangan 34 CFR §300.300; WAC 392-172A-03000

### Pahintulot para sa Paunang Pagsusuri

Ang iyong distrito ay hindi makakapagsagawa ng paunang pagsusuri sa iyong anak upang matukoy ang kanyang kwalipikasyon para sa espesyal na edukasyon at sa mga nauugnay na serbisyo hanggang sa bigyan ka nito ng paunang nakasulat na abisong naglalarawan sa mga iminungkahing aktibidad sa pagsusuri at makuha nito ang iyong nakasulat na ipinabatid na pahintulot. Dapat magsagawa ang iyong distrito ng paaralan ng makatwirang pagsisikap upang makuha ang iyong ipinabatid na pahintulot para sa paunang pagsusuri upang matukoy kung kwalipikado ang iyong anak para sa espesyal na edukasyon.

Ang iyong pahintulot para sa paunang pagsusuri ay hindi nangangahulugang ibinigay mo ang iyong pahintulot sa distrito na simulan ang pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa iyong anak. Kailangan ding kumuha ng distrito ng paaralan ng pahintulot mula sa iyo upang mabigyan ang iyong anak ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa kauna-unahang pagkakataon.

Kung nakatala ang iyong anak sa isang pampublikong paaralan o hangad mong ipatala ang iyong anak sa isang pampublikong paaralan at tumanggi kang magbigay ng pahintulot, o hindi ka nakatugon sa isang kahilingan na magbigay ng pahintulot para sa paunang pagsusuri, maaaring subukan ng iyong distrito, ngunit hindi ito inaatasang gawin ito, na kunin ang iyong pahintulot gamit ang pamamagitan (mediation) o mga pamamaraan sa patas na proseso ng pagdinig, ayon sa inilarawan sa ibang bahagi ng abisong ito. Hindi lalabagin ng iyong distrito ang mga obligasyon nitong hanapin, tukuyin at suriin ang iyong anak kung pinili nitong huwag ituloy ang pagsusuri sa iyong anak sa pagkakataong ito.

### Espesyal na Patakaran para sa Paunang Pagsusuri ng Mga Ward ng Estado

Kung ang iyong anak ay isang ward ng estado at hindi nakatira kasama mo, hindi kailangan ng distrito na kumuha ng pahintulot mula sa iyo para sa paunang pagsusuri upang matukoy kung kwalipikado ang iyong anak para sa espesyal na edukasyon kung:

1. Sa kabila ng mga makatwirang pagsisikap na gawin ito, hindi ka mahanap ng distrito;
2. Ang iyong mga karapatan bilang magulang ay winakasan alinsunod sa batas ng estado; o,
3. Ang karapatan na magsagawa ng mga desisyon sa edukasyon ay itinalaga ng isang hukom sa isang indibidwal maliban sa iyo at ang taong iyon ay nagbigay ng pahintulot para sa paunang pagsusuri.

Ang *ward ng estado*, gaya ng paggamit dito sa IDEA, ay tumutukoy sa isang bata na:

1. Isang foster child na hindi naninirahan sa isang foster parent;
2. Itinuturing na ward ng estado ayon sa batas ng Estado ng Washington; o,
3. Nasa pangangalaga ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan (Department of Social and Health Services) o iba pang pampublikong ahensya ng estado para sa kapakanan ng bata.

Hindi kabilang ang foster child na may foster parent sa *ward ng estado*.

## Pahintulot ng Magulang para sa Mga Inisyal na Serbisyo at Pagbawi ng Pahintulot para sa Mga Ipinagpatuloy na Serbisyo

Ang iyong distrito ng paaralan ay dapat na magsagawa ng mga makatwirang pagsisikap upang makuha ang iyong ipinabatid na nakasulat na pahintulot at dapat nitong kunin ang iyong ipinabatid na nakasulat na pahintulot bago magbigay ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa iyong anak sa kauna-unahang pagkakataon.

Kung hindi ka tumugon sa isang kahilingan na ibigay ang iyong pahintulot para sa iyong anak upang makatanggap siya ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa kauna-unahang pagkakataon, o kung tumanggi kang ibigay ang naturang pahintulot, hindi maaaring gumamit ang iyong distrito ng mga pamamaraan sa pamamagitan upang subukang makuha ang iyong pagsang-ayon o gumamit ng mga pamamaraan sa patas na proseso ng pagdinig upang makakuha ng desisyon mula sa isang hukom sa administratibong batas upang bigyan ang iyong anak ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo.

Kung tumanggi ka o hindi tumugon sa isang kahilingan na pahintulutan na makatanggap ang iyong anak ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa kauna-unahang pagkakataon, hindi maaaring magbigay ang distrito ng paaralan sa iyong anak ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo. Sa ganitong sitwasyon, ang iyong distrito ng paaralan ay:

1. Hindi lumalabag sa kinakailangan na maghatid ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education o FAPE) sa iyong anak nang dahil sa pagkabigo na ibigay ang mga serbisyong iyon sa iyong anak; at,
2. Hindi ito inaatasan na magsagawa ng pagpupulong ng IEP o gumawa ng IEP para sa iyong anak para sa espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo kung saan hiniling ang iyong pahintulot.

Kapag nagbigay ka ng nakasulat na pahintulot upang makatanggap ang iyong anak ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo at nagsimulang magbigay ang distrito ng mga espesyal na serbisyo ng edukasyon, mananatiling kwalipikado ang iyong anak na makatanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon hanggang sa:

1. Muli siyang masuri at mapatunayang hindi na siya kwalipikado para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon;
2. Makapagtapos siya nang may diploma sa isang regular na mataas na paaralan;
3. Maabot niya ang 21 taong gulang (o kung magiging 21 taong gulang na ang iyong anak pagkalipas ng Agosto 31, kwalipikado siyang makatanggap ng mga serbisyo hanggang sa katapusan ng taong panuruan.); o,
4. Magbigay ka sa distrito ng nakasulat na pagbawi sa iyong pahintulot para sa ipinagpatuloy na probisyon ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon.

Kung binawi mo ang iyong pahintulot sa pasulat na paraan para sa ipinagpatuloy na probisyon ng mga serbisyo pagkatapos simulan ng distrito ang mga serbisyo ng edukasyon, dapat kang bigyan ng distrito ng *paunang nakasulat na abiso* sa loob ng makatwirang panahon bago nito ihinto ang pagbibigay ng mga serbisyo ng edukasyon sa iyong anak. Kasama sa paunang nakasulat na abiso ang petsa kung kailan ihihinto ng distrito ang pagbibigay ng mga serbisyo sa iyong anak at aabisuhan ka nito na ang paaralan ng distrito ay:

1. Hindi lumalabag sa kinakailangan na maghatid ng libheng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) sa iyong anak nang dahil sa pagkabigo na ibigay ang mga serbisyong iyon sa iyong anak; at,
2. Hindi inaatasang magsagawa ng pagpupulong ng IEP o gumawa ng IEP para sa iyong anak para sa karagdagang probisyon ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon.

Hindi maaaring gamitin ng isang distrito ang patas na proseso upang ipawalang-bisa ang iyong nakasulat na pagbawi o gumamit ng mga pamamaraan sa pamamagitan sa pagkuha ng iyong pagsang-ayon upang patuloy na makapagbigay ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa iyong anak. Pagkatapos huminto ng distrito sa pagbibigay ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa iyong anak, hindi na ituturing ang iyong anak na kwalipikado para sa espesyal na edukasyon at nasasaklawan na siya ng mga parehong kinakailangan na nalalapat sa lahat ng mag-aaral. Ikaw at ang iba pang mga taong pamilyar sa iyong anak, kasama ang distrito ng paaralan, ay maaaring magmungkahi ng paunang pagsusuri sa iyong anak anumang oras pagkatapos mong bawiin ang pahintulot na makatanggap ang iyong anak ng espesyal na edukasyon.

## Pahintulot ng Magulang para sa Mga Muling Pagsusuri

Kung magsasagawa ng panibagong pagtatasa bilang bahagi ng muling pagsusuri sa iyong anak, dapat kumuha ang iyong distrito ng ipinabatid na pahintulot bago nito muling suriin ang iyong anak, maliban na lang kung maipapakita ng iyong distrito na:

1. Ito ay nagsagawa ng mga makatwirang hakbang upang makuha ang iyong pahintulot para sa muling pagsusuri sa iyong anak; at,
2. Hindi ka tumugon.

Kung tumatanggi kang pahintulutan ang panibagong pagtatasa bilang bahagi ng muling pagsusuri sa iyong anak, bagama't hindi ito inaatasan, maaaring ituloy ng distrito ang muling pagsusuri sa iyong anak gamit ang mga pamamaraan sa pamamagitan upang makuha ang iyong pagsang-ayon o gamit ang mga pamamaraan sa patas na proseso ng pagdinig upang ipawalang-bisa ang iyong pagtanggap na magbigay ng pahintulot sa muling pagsusuri sa iyong anak. Gaya ng sa mga paunang pagsusuri, hindi nilalabag ng iyong distrito ang mga obligasyon nito alinsunod sa Part B ng IDEA kung tumanggi itong ituloy ang muling pagsusuri gamit ang mga pamamaraan sa pamamagitan o patas na proseso.

## Dokumentasyon ng Mga Makatwirang Pagsisikap upang Makakuha ng Pahintulot ng Magulang

Dapat magtabi ang iyong paaralan ng dokumentasyon ng mga makatwirang pagsisikap upang makuha ang iyong pahintulot para sa mga paunang pagsusuri, upang magbigay ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa kauna-unahang pagkakataon, upang magsagawa ng muling pagsusuri kung saan kasama ang panibagong pagtatasa, at na hanapin ang mga magulang ng mga ward ng estado para sa mga paunang pagsusuri. Dapat ay kasama sa dokumentasyon ang isang tala ng mga pagtatangka ng distrito sa mga bahaging ito, gaya ng:

1. Mga detalyadong tala ng mga tawag sa telepono na ginawa o tinangka at ang mga resulta ng mga pagtawag na iyon;
2. Mga kopya ng pakikipag-ugnayang ipinadala sa iyo at anumang mga tugon na natanggap; at,
3. Mga detalyadong tala ng mga pagbisitang ginawa sa iyong bahay o trabaho at ang mga resulta ng mga pagbisitang iyon.

## Iba Pang Impormasyon sa Pahintulot

Hindi kinakailangan ang iyong pahintulot bago maaaring gawin ng iyong distrito ang sumusunod:

1. Suriin ang umiiral na datos bilang bahagi ng pagsusuri o muling pagsusuri sa iyong anak; o,
2. Ipasailalim ang iyong anak sa pagtatasa o iba pang pagsusuri na ibinibigay sa lahat ng bata, maliban na lang kung, bago ang pagtatasa o pagsusuri, kinailangan ng pahintulot mula sa lahat ng magulang ng mga bata.

Kung pinatala mo ang iyong anak sa isang pribadong paaralan sa sarili mong gastos o kung tinuturuan mo ang iyong anak sa inyong bahay, at hindi mo ibinigay ang iyong pahintulot para sa paunang pagsusuri o muling pagsusuri sa iyong anak, o hindi ka nakatugon sa isang kahilingan na ibigay mo ang iyong pahintulot, hindi maaaring gumamit ang distrito ng mga pamamaraan sa pamamagitan upang kunin ang iyong pagsang-ayon o gumamit ng mga pamamaraan sa patas na proseso ng pagdinig upang ipawalang-bisa ang iyong pagtanggap. Hindi rin inaatasan ang distrito na ituring ang iyong

anak bilang kwalipikadong makatanggap ng mga katumbas na serbisyo ng pribadong paaralan, na mga serbisyong inilaan sa ilang mag-aaral na ipinatala ng magulang sa pribadong paaralan na kwalipikadong makatanggap ng espesyal na edukasyon.

## Mga Independiyenteng Pagsusuring Pang-edukasyon (Independent Educational Evaluations o IEE)

34 CFR §300.502; WAC 392-172A-05005

May karapatan kang makakuha ng independiyenteng pagsusuring pang-edukasyon (independent educational evaluation o IEE) ng iyong anak kung tumanggi ka sa pagsusuring isinagawa ng iyong distrito. Kung humiling ka ng IEE, dapat kang bigyan ng distrito ng impormasyon tungkol sa kung saan ka makakakuha ng IEE at tungkol sa pamantayan ng distrito na nalalapat sa mga IEE.

### Mga Kahulugan

- Ang *independiyenteng pagsusuring pang-edukasyon (independent educational evaluation o IEE)* ay tumutukoy sa pagsusuring isinagawa ng isang kwalipikadong tagasuring hindi nagtatrabaho sa ilalim ng distritong responsable sa edukasyon ng iyong anak.
- Ang *gastos ng publiko* ay nangangahulugan na ang distrito ang magbabayad para sa buong halaga ng pagsusuri o ito ang magtitiyak na naibigay sa iyo ang pagsusuri nang wala kang ginastos.

### Karapatan ng Magulang na Magkaroon ng IEE na Gastos ng Publiko

May karapatan kang makakuha ng IEE para sa iyong anak na gastos ng publiko kung hindi ka sumang-ayon sa isang pagsusuri na isinagawa ng iyong distrito, na napapasailalim sa mga sumusunod na kundisyon:

1. Kung humiling ka ng IEE para sa iyong anak na gastos ng publiko, dapat isagawa ng iyong distrito ng paaralan ang alinman sa sumusunod sa loob ng 15 araw sa kalendaryo simula sa petsa ng iyong kahilingan: (a) maghain ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig upang maipakita na ang pagsusuri nito sa iyong anak ay naaangkop o na hindi nakakatugon sa pamantayan ng distrito ang natanggap mong pagsusuri sa iyong anak; o, (b) sumang-ayon na magbigay ng IEE na gastos ng publiko.
2. Kung humiling ang iyong distrito ng paaralan ng patas na proseso ng pagdinig at ang pinal na desisyon ay naaangkop ang pagsusuri ng distrito sa iyong anak, mayroon ka pa ring karapatan na makakuha ng IEE, ngunit hindi na sa gastos ng publiko.
3. Kung humiling ka ng IEE para sa iyong anak, maaaring tanungin sa iyo ng iyong distrito ng paaralan kung bakit ka tumututol sa pagsusuring isinagawa ng distrito. Gayunpaman, maaaring hindi mangailangan ang distrito ng paliwanag at hindi nito maaaring iantala nang walang katwiran ang pagbibigay ng IEE sa iyong anak sa gastos ng publiko o ang

paghahain ng kahilingan para sa patas na proseso ng pagdinig upang depensahan ang pagsusuri ng distrito sa iyong anak.

May karapatan kang makakuha ng isa lamang na IEE para sa iyong anak sa gastos ng publiko sa tuwing magsasagawa ang iyong distrito ng paaralan ng pagsusuri sa iyong anak na tinanggihan mo.

## Mga Pagsusuring Sinimulan ng Magulang

Kung nakakuha ka ng IEE para sa iyong anak sa gastos ng publiko o nagbigay ka sa distrito ng IEE na nakuha mo sa sarili mong gastos:

1. Dapat isaalang-alang ng iyong distrito ang mga resulta ng IEE sa anumang desisyong ginawa kaugnay ng probisyon ng isang FAPE sa iyong anak, kung natutugunan nito ang pamantayan ng distrito para sa mga IEE; at,
2. Maaaring gamitin mo o ng iyong distrito ang IEE bilang ebidensya sa isang patas na proseso ng pagdinig ukol sa iyong anak.

## Mga Kahilingan para sa Mga Pagsusuri ng Mga Hukom sa Administratibong Batas (Administrative Law Judges o ALJ)

Kung humiling ang isang ALJ ng IEE ng iyong anak bilang bahagi ng patas na proseso ng pagdinig, dapat isagawa ang pagsusuri sa gastos ng publiko.

## Pamantayan ng Distrito

Kung ang isang IEE ay gastos ng publiko, ang pamantayan sa pagsasagawa ng pagsusuri, kasama ang lokasyon ng pagsusuri at ang mga kwalipikasyon ng tagasuri, ay dapat na katulad ng pamantayang ginagamit ng distrito kapag nagsasagawa ito ng pagsusuri (hanggang sa antas na ang mga pamantayang iyon ay naaayon sa iyong karapatan na magkaroon ng IEE).

Maliban na lang kung inilarawan sa itaas, ang isang distrito ay hindi maaaring magtakda ng mga kundisyon o nakalaang panahon na nauugnay sa pagkuha ng IEE sa gastos ng publiko.

## Mga Kahulugan sa Pagkakumpidensyal ng Impormasyon 34 CFR §300.611; WAC 392-172A-05180

Binibigyan ka ng IDEA ng mga karapatan kaugnay ng mga tala ng espesyal na edukasyon ng iyong anak. Ang mga karapatang ito ay karagdagan sa mga karapatang mayroon ka sa ilalim ng Batas sa Mga Karapatang Pang-edukasyon at Privacy ng Pamilya (Family

Educational Rights and Privacy Act o FERPA), isang batas na nagbibigay ng mga proteksyon sa mga tala ng edukasyon ng lahat ng mag-aaral.

Gaya ng paggamit dito sa heading na *Pagkakumpidensyal ng Impormasyon*:

- Ang *pagkasira* ay tumutukoy sa pagkasira o pagkaalis ng mga personal na makakapagpakilalang detalye sa impormasyon upang hindi personal na makapagpakilala ang impormasyon.
- Ang mga *tala ng edukasyon* ay tumutukoy sa uri ng mga tala na nasasaklawan sa kahulugan ng “mga tala ng edukasyon” sa 34 CFR Part 99 (ang mga regulasyong nagpapatupad sa Batas sa Mga Karapatang Pang-edukasyon at Privacy ng Pamilya ng 1974, 20 U.S.C. 1232g (FERPA)).
- Ang *Kalahok na Ahensya* ay tumutukoy sa anumang distrito ng paaralan, ahensya o institusyon na nangongolekta, nagpapanatili o gumagamit ng personal na makakapagpakilalang impormasyon, o sa kung saan nakuha ang impormasyon, alinsunod sa Part B o IDEA.

## Personal na Makakapagpakilala

34 CFR §300.32; WAC 392-172A-01140

Ang *Personal na makakapagpakilala* ay tumutukoy sa impormasyon na may:

1. Pangalan ng anak mo, pangalan mo, o pangalan ng iba pang miyembro ng pamilya;
2. Address ng iyong anak;
3. Isang personal na makakapagpakilalang impormasyon, gaya ng social security number o student number ng iyong anak; o,
4. Isang listahan ng mga personal na katangian o iba pang impormasyon na magbibigay-daan sa pagtukoy sa iyong anak nang may makatwirang katiyakan.

## Abiso sa Mga Magulang

34 CFR §300.612; WAC 392-172A-05185

Ang OSPI ay nagbibigay ng abiso, sa pamamagitan ng mga regulasyon nito, upang ganap na ipaalam sa iyo ang tungkol sa pagkakumpidensyal ng personal na makakapagpakilalang impormasyon, kabilang ang:

1. Paglalarawan ng hangganan kung para saan ibinigay ang abiso sa mga pangunahing wika ng iba't ibang pangkat ng populasyon sa Washington;
2. Isang paglalarawan ng mga bata kung para kanino itinatabi ang personal na makakapagpakilalang impormasyon, ang mga uri ng impormasyong hinihiling, ang mga paraang nilalayong paggamitan ng Washington sa pagkalap ng impormasyon (kabilang ang mga pinagmulan kung saan kinuha ang impormasyon), at ang mga paggagamitan ng impormasyon;



3. Isang buod ng mga patakaran at pamamaraan na dapat sundin ng mga distrito kaugnay ng pag-iimbak, pagbubunyag sa mga third party, pagpapanatili at pagwasak ng personal na makakapagpakilalang impormasyon; at,
4. Isang paglalarawan sa lahat ng mga karapatan ng mga magulang at mag-aaral kaugnay ng impormasyong ito, kabilang ang mga batas sa ilalim ng Batas sa Mga Karapatang Pang-edukasyon at Privacy ng Pamilya (FERPA) at ang mga nagpapatupad na regulasyon nito sa 34 CFR Part 99.

Bago magsagawa ng anumang malawakang aktibidad sa estado para sa pagtukoy, paghahanap ng lokasyon o pagsusuri (na tinatawag ding “paghahanap ng bata”), dapat maglathala ng abiso sa mga pahayagan o magpahayag sa iba pang media, o pareho, na may sirkulasyong sapat upang maabisuhan ang mga magulang sa kabuuan ng estado tungkol sa aktibidad sa paghahanap, pagtukoy, at pagsusuri sa mga batang nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo.

### Mga Karapatan sa Pag-access

34 CFR §300.613-617; WAC 392-172A-05190–05210

May karapatan kang siyasatin o suriin ang mga tala sa edukasyon ng iyong anak na kinolekta, itinabi, o ginamit ng iyong distrito ng paaralan alinsunod sa Part B ng IDEA. Dapat sumunod ang distrito sa iyong kahilingan na siyasatin at suriin ang anumang mga tala ng edukasyon ng iyong anak nang walang anumang hindi kinakailangang pagkaantala at bago ang anumang pagpupulong ukol sa IEP, o anumang walang kinikilingang patas na proseso ng pagdinig (kabilang ang pagpupulong para sa resolusyon o patas na proseso ng pagdinig hinggil sa pagdidisiplina kaugnay ng espesyal na edukasyon), at, sa anumang sitwasyon, hindi dapat ito lumagpas sa 45 araw sa kalendaryo pagkatapos mong magsagawa ng kahilingan.

Kasama sa iyong karapatan na siyasatin at suriin ang mga tala ng edukasyon ang:

1. Iyong karapatan na makatanggap ng tugon mula sa distrito para sa iyong mga makatwirang kahilingan at interpretasyon ng mga tala;
2. Iyong karapatan na hilingin sa distrito ng paaralan na bigyan ka ng mga kopya ng mga tala kung hindi mo sapat na masisiyasat at masusuri ang iyong mga tala maliban na lang kung makakuha ka ng mga kopyang iyon; at,
3. Iyong karapatan na magkaroon ng kinatawan sa pagsisiyasat at pagsusuri ng mga tala.

Ipagpapalagay ng isang distrito na mayroon kang awtoridad na siyasatin at suriin ang mga tala na nauugnay sa iyong anak maliban na lang kung ipinayo na wala kang awtoridad sa ilalim ng naaangkop na batas ng estado na namamahala sa mga naturang usapin gaya ng pangangalaga, paghihiwalay at pagdidiborsyo.

## Tala ng Access

Ang bawat distrito ng paaralan ay dapat magtabi ng tala ng mga partidong kumuha ng access sa mga tala ng edukasyon na kinolekta, itinabi o ginamit alinsunod sa Part B ng IDEA, kasama ang pangalan ng partido, ang petsa kung kailan ibinigay ang access, at ang layunin kung para saan inawtorisahan ang partido na gamitin ang mga tala. Hindi inaatasan ang mga distrito ng paaralan na itabi ang tala ng access na ito para sa mga magulang o awtorisadong empleyado ng distrito ng paaralan.

## Mga Tala sa Higit sa Isang Bata

Kung ang anumang tala ng edukasyon ay kinabibilangan ng impormasyon tungkol sa higit sa isang mag-aaral, may karapatan kang siyasatin at suriin ang impormasyong nauugnay lamang sa iyong anak o mabigyang-alam tungkol sa impormasyon na iyon kung hindi maipapakita ng distrito ang impormasyong iyon nang hindi nagbibigay ng personal na makakapagpakilalang impormasyon tungkol sa ibang mag-aaral.

## Listahan ng Mga Uri at Lokasyon ng Impormasyon

Kung hihilingin mo ito, dapat kang bigyan ng distrito ng listahan ng mga uri at lokasyon ng mga tala ng edukasyon na kinolekta, itinabi o ginamit ng distrito ng paaralan.

## Mga Bayarin

Ang distrito ng paaralan ay maaaring maningil ng bayarin para sa mga kopya ng mga tala na ginawa para sa iyo alinsunod sa Part B ng IDEA, kung ang bayarin ay hindi nagreresulta sa pagpigil ng iyong paggamit ng iyong karapatan na siyasatin at suriin ang mga talang iyon. Hindi ito maaaring maningil ng bayarin upang maghanap o kumuha ng impormasyon sa ilalim ng IDEA.

## Pag-amyenda sa Mga Tala sa Kahilingan ng Magulang

34 CFR §300.618 – §300.621; WAC 392-172A-05215

Kung naniniwala ka na ang kinolekta, itinabi o ginamit na impormasyon sa mga tala ng edukasyon kaugnay ng iyong anak alinsunod sa IDEA ay hindi tumpak, nakapanlilinlang o lumalabag sa privacy o iba pang mga karapatan ng iyong anak, maaari mong hilingin sa distrito na palitan ang impormasyon.

Dapat magpasya ang distrito ukol sa pagpapalit ng impormasyon kaugnay ng iyong kahilingan sa loob ng makatwirang yugto ng panahon mula sa pagtanggap sa iyong kahilingan.

## Oportunidad para sa Pagdinig, Mga Pamamaraan sa Pagdinig, at Mga Resulta ng Pagdinig

Kung tumanggi ang iyong distrito ng paaralan na palitan ang impormasyon alinsunod sa iyong kahilingan, dapat nitong ipaalam sa iyo ang tungkol sa desisyong iyon at sa karapatan mong mapasailalim sa pagdinig ng distrito.

May karapatan kang humiling ng pagdinig upang hamunin ang impormasyon sa mga tala ng edukasyon ng iyong anak upang matiyak na ito ay tumpak, na hindi ito nakapanlilinlang o kung hindi naman ay na hindi ito lumalabag sa privacy o iba pang mga karapatan ng iyong anak. Ang pagdinig upang kuwestiyunin ang impormasyon sa mga tala ng edukasyon ay dapat isagawa alinsunod sa mga pamamaraan sa pagdinig sa ilalim ng FERPA. Ito ay hindi isang patas na proseso ng pagdinig hinggil sa espesyal na edukasyon.

Kung, bilang resulta ng pagdinig, nagpasya ang distrito na ang impormasyon ay hindi tumpak, nakapanlilinlang o kung hindi naman ay lumalabag sa privacy o iba pang mga karapatan ng mag-aaral, dapat nitong palitan ang impormasyon ayon sa nararapat at abisuhan ka tungkol sa mga pagbabagong iyon sa pasulat na paraan.

Kung, bilang resulta ng pagdinig, nagpasya ang distrito na ang impormasyon ay tumpak, hindi nakapanlilinlang o kung hindi naman ay hindi lumalabag sa privacy o iba pang mga karapatan ng iyong anak, dapat ka nitong abisuhan na may karapatan kang magbigay ng pahayag sa mga tala ng edukasyon ng iyong anak sa pamamagitan ng pagkomento sa impormasyon o pagbibigay ng anumang mga dahilan kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng distrito.

Kung pinili mong magbigay ng pahayag sa mga tala ng iyong anak, ang pahayag ay dapat na:

1. Itabi ng distrito bilang bahagi ng mga tala ng iyong anak hangga't ang tala o ang tinututulang bahagi ay nakatabi; at,
2. Kung ibinunyag ng distrito ang mga tala ng iyong anak o ang kinukuwestiyong bahagi sa sinumang partido, dapat ding ibunyag ang pahayag sa naturang partido.

## Pahintulot para sa Pagbubunyag ng Personal na Makakapagpakilalang Impormasyon

34 CFR §300.622; WAC 392-172A-05225

Dapat makuha ang iyong nakasulat na pahintulot bago magbunyag ng personal na makakapagpakilalang impormasyon sa iba maliban na lang kung ang pagbubunyag ng impormasyon na kabilang sa mga tala ng edukasyon ng iyong anak ay pinapayagan nang

walang pahintulot ng magulang alinsunod sa FERPA. Sa pangkalahatan, ang iyong pahintulot ay hindi kinakailangan bago ibigay ang personal na makakapagpakilalang impormasyon sa mga opisyal ng mga lumalahok na ahensya para sa mga layunin ng pagtugon sa kinakailangan ng Part B ng IDEA. Gayunpaman, ang iyong pahintulot, o ang pahintulot ng iyong anak kung nasa legal na edad na siya, ay dapat kunin bago ibigay ang mga personal na makakapagpakilalang impormasyon sa mga opisyal ng mga kalahok na ahensya na nagbibigay o nagbabayad para sa mga serbisyo ng paglipat. Bukod dito, kung pumapasok ang iyong anak sa pribadong paaralan, dapat makuha ang iyong pahintulot bago ibigay ang anumang personal na makakapagpakilalang impormasyon tungkol sa iyong anak sa mga opisyal sa distrito kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan at sa mga opisyal sa distrito kung saan naninirahan ang iyong anak kung hindi mo planong ipatala ang iyong anak sa distrito kung saan ka nakatira.

### Mga Proteksyon para sa Personal na Makakapagpakilalang Impormasyon 34 CFR §300.623; WAC 392-172A-05230

Dapat protektahan ng iyong distrito ng paaralan ang pagkakumpidensyal ng personal na makakapagpakilalang impormasyon sa mga yugto ng pagkolekta, pag-iimbak, pagbubunyag at pagwasak. Dapat akuin ng isang opisyal sa distrito ng paaralan ang responsibilidad na tiyakin ang pagkakakumpidensyal ng anumang personal na makakapagpakilalang impormasyon. Ang lahat ng taong nangongolekta o gumagamit ng personal na makakapagpakilalang impormasyon ay dapat makatanggap ng pagsasanay o tagubilin kaugnay ng pagkakumpidensyal alinsunod sa Part B ng IDEA at FERPA.

Ang bawat distrito ng paaralan ay dapat magtabi, para sa pagsisiyasat ng publiko, ng isang napapanahong listahan ng mga pangalan at posisyon ng mga empleyadong kabilang sa ahensya na may access sa personal na makakapagpakilalang impormasyon.

### Pagwasak, Pagpapanatili at Pag-iimbak ng Impormasyon 34 CFR §300.624; WAC 392-172A-05235

Dapat ipabatid sa iyo ng iyong distrito ng paaralan kapag ang personal na makakapagpakilalang impormasyon na kinolekta, itinabi o ginamit ay hindi na kailangan upang magbigay ng mga serbisyong pang-edukasyon sa iyong anak.

Kapag hindi na ito kailangan, dapat sirain ang impormasyon kapag hiniling mo. Gayunpaman, maaaring itabi ang permanenteng tala ng pangalan, address at numero ng telepono ng iyong anak, ang kanyang mga grado, tala ng pagpasok, mga klaseng pinasukan, natapos na baitang, at taon ng pagtatapos nang walang limitasyon sa oras.

Ang batas ng estado kaugnay ng pagpapanatili ng mga tala ay makikita sa Kabanata 40.14 RCW. Ang mga pamamaraan sa kung gaano katagal dapat magpanatili ng mga tala ang isang distrito ay inilathala ng Kalihim ng Estado ng Washington (Washington Secretary of State), Dibisyon ng Mga Artsibo at Pamamahala ng Mga Tala (Division of Archives and Records Management).

## Mga Pamamaraan sa Resolusyon ng Mga Hindi Pagkakaunawaan sa Espesyal na Edukasyon

Isa kang mahalagang kalahok sa lahat ng aspeto ng programa ng espesyal na edukasyon ng iyong anak. Nagsisimula ang pakikilahok na ito sa paunang mungkahi sa iyong anak. Ikaw at ang iyong distrito ay hinihikayat na magtulungan upang subukang maresolba ang mga hindi pagkakaunawaang nakakaapekto sa programa ng espesyal na edukasyon ng iyong anak. Kapag hindi ninyo nalutas ng iyong distrito ng paaralan ang mga hindi pagkakaunawaan, may mga mas pormal na opsyon sa resolusyon ng hindi pagkakaunawaan. Ang mga opsyong ito ay pamamagitan, mga reklamo ng mamamayan at walang kinikilingang patas na proseso ng pagdinig.

### Pamamagitan

34 CFR § 300.506; WAC 392-172A-05060–05075

### Pangkalahatan

Makukuha ang mga serbisyo ng pamamagitan nang walang kabayaran mula sa iyo o sa distrito upang makatulong sa paglutas sa mga problemang kaugnay ng pagtukoy, pagsusuri, placement na pang-edukasyon, at probisyon ng FAPE sa iyong anak at sa tuwing may humihiling ng patas na proseso ng pagdinig. Ang pamamagitan ay boluntaryo at hindi magagamit upang ipagkait o iantala ang iyong karapatan na makakuha ng patas na proseso ng pagdinig o upang ipagkait ang anumang iba pang mga karapatan alinsunod sa Part B ng IDEA. Ang mga sesyon ng pamamagitan ay iniiskedyul sa napapanahong paraan sa isang lokasyon na pabor sa iyo at sa distrito.

Ang distrito ng paaralan ay maaaring gumawa ng mga pamamaraan na nag-aalok sa mga magulang na piniling huwag gamitin ang proseso ng pamamagitan ng oportunidad na makipagpulong, sa oras at lokasyon na pabor sa iyo, kasama ng isang walang kinikilingang partido:

1. Na nakakontrata sa naaangkop na alternatibong entidad para sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan, o sa sentro ng impormasyon at pagsasanay para sa magulang o sentrong mapagkukunan ng magulang sa komunidad sa estado; at,
2. Na magpapaliwanag sa mga benepisyo at maghikayat sa paggamit ng proseso ng pamamagitan sa iyo.

## Kawalan ng Kinikilingan ng Tagapamagitan

Ang pamamagitan ay isinasagawa ng isang indibidwal na kwalipikado, walang kinikilingan at may kasanayan sa mga epektibong pamamaraan ng pamamagitan. Dapat ay may kaalaman din ang indibidwal sa mga batas at regulasyon na nauugnay sa probisyon ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo. Nakikipagkontrata ang OSPI sa isang ahensya sa labas upang magsagawa ng mga pamamagitan. Itinatabi ng ahensyang iyon ang listahan ng mga namamagitan. Itinatalaga ang mga tagapamagitan sa isang batayang random, sa batayang paikot-ikot o sa iba pang batayan na walang kinikilingan. Ang tagapamagitan (1) ay hindi maaaring empleyado ng OSPI, ng isang distrito o iba pang ahensya ng estado na nagbibigay ng mga direktang serbisyo sa bata na napapasailalim sa proseso ng pamamagitan, at (2) hindi maaaring magkaroon ng personal o propesyonal na salungatan sa interes. Ang mga sesyon ng pamamagitan ay iniiskedyul sa napapanahong paraan sa isang lokasyon na pabor sa iyo at sa distrito.

## Mga Pagkakasundong Nakakamit sa Pamamagitan

Kung nagkasundo kayo ng distrito, dapat itong idokumento sa nakasulat na kasunduan sa pamamagitan na nilagdaan mo at ng kinatawan ng distrito na awtorisadong pumasok sa mga legal na may bisang kasunduan. Ang mga pagtatalakay sa panahon ng mga sesyon ng pamamagitan ay kumpidensyal at hindi maaaring gamitin bilang ebidensya sa anumang patas na proseso ng pagdinig o sibil na pagdinig ng anumang Pederal na hukuman o hukuman ng Estado ng Washington. Dapat itong isaad sa nakasulat na kasunduan. Gayunpaman, maaaring gamitin ang mismong kasunduan sa pamamagitan bilang ebidensya. Ang mga kasunduan sa pamamagitan ay legal na may bisa at maipapatupad sa anumang hukuman ng estado na may mapagkakatiwalaang hurisdiksyon o sa isang hukuman ng estado ng Estados Unidos.

## Ang Mga Pagkakaiba sa Pagitan ng Mga Pagsisiyasat sa Reklamo ng Mamamayan Hinggil sa Espesyal na Edukasyon at Mga Patas na Proceso ng Pagdinig

Ang mga regulasyon para sa Part B ng IDEA ay may ibang mga pamamaraan para sa mga reklamo ng estado (mga reklamo ng mamamayan) at mga patas na proseso ng pagdinig. Maaaring maghain ng reklamo ng mamamayan sa OSPI ang sinumang indibidwal o anumang organisasyon na nagpapatupad na ang isang distrito ng paaralan, OSPI, o ang anumang iba pang pampublikong ahensya ay lumabag sa isang inaatas sa Part B, sa mga pederal na patakaran na makikita sa 34 CFR Part 300, o sa mga regulasyon ng estado na nagpapatupad sa Part B ng IDEA. Ang mga reklamo ng mamamayan ay sinisiyasat ng OSPI, batay sa impormasyon tungkol sa mga paglabag na ibinigay ng taong naghain ng reklamo, at ang distrito ng paaralan, o iba pang ahensya na tumutugon sa reklamo. Dapat

ihain ang mga reklamo ng mamamayan sa loob ng isang taong pagkatapos mangyari ng ipinaparatang na paglabag.

Ikaw lang o ang iyong distrito ng paaralan ang makakapaghain ng patas na proseso ng pagdinig sa anumang usaping nauugnay sa pagtukoy, pagsusuri o placement na pang-edukasyon ng iyong anak, o ang probisyon ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education o FAPE) sa iyong anak. Ang mga patas na proseso ng pagdinig ay isinagawa ng isang hukom sa administratibong batas (ALJ), na nagtatrabaho sa ilalim ng Opisina ng Mga Administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearings), na isang independiyenteng ahensya. Karaniwan, kasama sa mga patas na proseso ng pagdinig ang salaysay ng mga saksi at panimula ng ebidensya. Dapat ihain ang mga kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig sa loob ng dalawang taon simula sa kung kailan nangyari ang ipinaparatang na paglabag (na may ilang pagbubukod para sa maling interpretasyon o pagpigil sa impormasyon.)

Ang mga panahon at pamamaraan para sa mga reklamo ng mamamayan at patas na proseso ng pagdinig ay ipinaliwanag sa ibaba.

## Mga Pamamaraan Ukol sa Reklamo ng Mamamayan

34 CFR §300.151 – 300.153; WAC 392-172A-05025–05045

Ang OSPI ay may mga pamamaraan para sa pagbibigay ng resolusyon sa mga reklamo ng estado. Mahahanap ang mga pamamaraan sa mga regulasyon ng estado at ang impormasyon hinggil sa mga reklamo ng estado ay makikita sa website.

Kung ikaw, o ang sinumang indibidwal o organisasyon ay naniniwalang nilabag ng isang distrito, ng OSPI, o ng anumang entidad ng edukasyon na pinangangasiwaan ng IDEA sa Part B ng IDEA, ang mga regulasyong nagpapatupad ng Part B, o mga katumbas na regulasyon ng estado, maaari kang maghain ng reklamo sa Office of Superintendent of Public Instruction (OSPI), Special Education, PO Box 47200, Olympia, WA 98504-7200. Dapat kang magbigay ng kopya ng reklamo sa distrito o iba pang ahensya na iyong nirereklamo.

## Paghahain ng Reklamo

Ang reklamo ay dapat lagdaan mo o ng tao o ng organisasyong naghahain ng reklamo at dapat ay kasama rito ang sumusunod na impormasyon:

- Isang pahayag na ang isang distrito o iba pang ahensya ay lumabag sa inaatas ng Part B ng IDEA, sa mga regulasyong nagpapatupad ng Part B, sa katumbas na batas o mga regulasyon ng estado, o isang pahayag na ang distrito o iba pang ahensya ay hindi nagpapatupad ng kasunduan ng pamamagitan o resolusyon;
- Ang pangalan at address ng distrito o iba pang ahensya;

- Ang pangalan ng mag-aaral, kung partikular ang reklamo sa isang mag-aaral, at ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mag-aaral kung walang tirahan ang mag-aaral;
- Ang pangalan ng paaralang pinapasukan ng mag-aaral;
- Isang paglalarawan ng problema kasama ng mga partikular na impormasyon;
- Isang mungkahi ng resolusyon ng problema hanggang sa antas ng pagkakabatid sa impormasyon na ito at sa impormasyon na magagamit mo sa oras ng paghahain mo ng reklamo; at,
- Ang iyong pangalan, address at numero ng telepono.

Dapat nangyari ang paglabag nang hindi lalagpas sa nakaraang isang taon bago ang petsa kung kailan ang reklamo, na nakatutugon sa mga pangangailangan sa itaas, ay natanggap ng OSPI.

Bumuo ang OSPI ng modelo ng form na maaari mong gamitin upang maghain ng reklamo. Makukuha ang form na ito sa web page na [OSPI – Espesyal na Edukasyon – Maghain ng Reklamo ng Mamamayan – Mga form ng mga madalas itanong at ng kahilingan](#). Hindi mo kailangang gamitin ang form na ito.

## Mga Pagsisiyasat sa Reklamo

Dapat ay magsiyasat at magbigay ng nakasulat na desisyon ang OSPI sa loob ng 60 araw ng kalendaryo pagkatapos nitong matanggap ang reklamo, maliban na lang kung pinahintulutan ang pagpapahaba sa oras. Sa loob ng 60 araw na iyon, ang OSPI ay (1) nag-aatas sa distrito na magbigay ng tugon sa reklamo; (2) nagbibigay sa iyo o sa nagrereklamo ng oportunidad na magsumite ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga paratang sa reklamo; (3) maaaring magsagawa ng independiyenteng pagsisiyasat sa mismong lugar, kung natukoy ng OSPI na kinakailangan ito; at, (4) sumusuri sa lahat ng nauugnay na impormasyon at gumagawa ng independiyenteng pagtukoy sa kung ang distrito o ang iba pang ahensya ay lumalabag sa isang pangangailangan na nauugnay sa Part B ng IDEA.

## Pagsisiyasat, Pagpapahaba, Nakasulat na Desisyon

Maaari lang pahabain ang limitasyon sa oras na 60 araw ng kalendaryo kung: (1) mayroong mga bukod-tanging sitwasyon kaugnay ng isang partikular na reklamo; o, (2) ikaw at ang distrito ng paaralan ay boluntaryong sumasang-ayon na pahabain ang oras sa paglutas ng reklamo gamit ang pamamagitan o iba pang mga paraan upang malutas ang hindi pagkakaunawaan.

Papadalhan ka o ang taong naghain ng reklamo at ang distrito ng paaralan ng isang nakasulat na desisyon. Tutugunan ng nakasulat na desisyon ang bawat paratang. Para sa bawat paratang, ang nakasulat na desisyon ay magsasaad ng mga pagpapasya sa impormasyon, kongklusyon, dahilan para sa desisyon, at anumang makatwirang hakbang



sa pagwawasto na pinaniniwalaang kinakailangan upang malutas ang reklamo kung nagkaroon ng paglabag.

## Mga Solusyon sa Reklamo

Kapag nakakita ang OSPI ng paglabag o pagkabigong magbigay ng mga naaangkop na serbisyo sa proseso ng reklamo nito, tutugunan ng desisyon ang:

1. Kung paano muling mapapasailalim sa pamamagitan ang pagtanggap sa mga serbisyong iyon, kabilang ang, kung naaangkop, pagkakaloob ng reimbursement ng pera o iba pang pagkilos para sa pagwawasto na naaangkop sa mga pangangailangan ng (mga) mag-aaral; at,
2. Naaangkop na probisyon sa hinaharap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon para sa lahat ng mag-aaral.

## Mga Reklamo ng Mamamayan Ukol sa Espesyal na Edukasyon at Patas na Proseso ng Pagdinig

Kung nakatanggap ng reklamo ng mamamayan na paksa rin sa isang patas na proseso ng pagdinig o kung ang reklamo ay naglalaman ng maraming isyu, at ang isa o higit pa sa mga isyu na iyon ay bahagi ng isang patas na proseso ng pagdinig, dapat ay balewalain (huwag siyasatin) ng OSPI ang anumang bahagi ng reklamo na tinutugunan sa patas na proseso ng pagdinig hanggang sa matapos ang pagdinig. Ang anumang isyu sa reklamo na hindi bahagi ng patas na proseso ng pagdinig ay dapat lutasin sa loob ng mga panahong nakalaan para sa reklamo.

Kung ang isang isyu na nakasaad sa reklamo ay dati nang napagdesisyunan sa isang patas na proseso ng pagdinig na kinauugnayan ng parehong mga partido, may bisa ang desisyon at dapat ipaalam ng OSPI sa nagrereklamo na maaaring hindi na nito siyasatin ang isyu.

Dapat lutasin ng OSPI ang isang reklamong nagpapatang na nabigo ang isang distrito na ipatupad ang desisyon sa patas na proseso ng pagdinig.

## Mga Pamamaraan sa Patas na Proseso ng Pagdinig

34 CFR §§300.507 – 300.513; WAC 392-172A-05080–05125

## Pangkalahatan

Ikaw o ang distrito ng paaralan ay maaaring maghain ng patas na proseso ng pagdinig sa anumang usapin na nauugnay sa pagtukoy, pagsusuri o placement na pang-edukasyon ng iyong anak o sa probisyon ng FAPE sa iyong anak. Dapat ipaalam sa iyo ng distrito ang tungkol sa anumang libre o murang singil para sa legal at iba pang nauugnay na serbisyo

na makukuha mo sa lugar kapag naghain ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig o kapag hiniling mo ang impormasyong ito. Para sa mga pamamaraan sa patas na proseso ng pagdinig, ang salitang “ikaw”, ay tumutukoy din sa iyong abogado kung mayroon ka nito, at ang salitang “distrito” ay tumutukoy din sa abogado ng distrito kung ang distrito ay kinakatawan ng isang abogado.

## Paghahain

Upang humiling ng pagdinig, ikaw o ang distrito ay dapat na magsumite ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig sa kabilang partido. Dapat ay kasama sa kahilingang iyon ang lahat ng nilalamang nakalista sa ibaba at dapat itong panatilihing kumpidensyal.

Ikaw o ang distrito, sinuman ang naghain ng kahilingan, ay dapat ding magbigay ng kopya ng kahilingan sa pagdinig sa OSPI, Administrative Resource Services sa sumusunod na address:

Office of Superintendent of Public Instruction  
Administrative Resource Services  
Old Capitol Building  
PO Box 47200  
Olympia, WA 98504-7200  
Email: [appeals@k12.wa.us](mailto:appeals@k12.wa.us)

Ang kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig ay dapat na mayroong:

1. Pangalan ng mag-aaral;
2. Address ng tirahan ng mag-aaral;
3. Pangalan ng paaralan ng mag-aaral;
4. Kung ang mag-aaral ay isang batang walang tirahan, ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng bata;
5. Isang paglalarawan ng kalikasan ng problema, kabilang ang impormasyong nauugnay sa problema; at,
6. Isang iminungkahing resolusyon ng problema hanggang sa antas na nalalaman at makukuha mo o ng distrito sa panahon ng paghahain.

## Kailangan ng Abiso Bago ang Pagdinig sa Kahilingan sa Patas na Proseso ng Pagdinig

Ikaw o ang distrito ay maaaring hindi mapasailalim sa patas na proseso ng pagdinig hanggang sa maghain ka o ang distrito ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig sa kabilang partido at magbigay ng kopya ng kahilingan sa OSPI kung saan kasama ang impormasyong nakalista sa itaas.

## Kasapatan ng Kahilingan sa Pagdinig

Upang umusad ang isang kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig, dapat itong ituring na sapat. Ang salitang *sapat* ay nangangahulugan na natutugunan ng kahilingan ang mga kinakailangang nakalista sa itaas sa *Paghahain*. Ang kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig ay ituturing na sapat maliban na lang kung ang partidong nakatanggap ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig ay nagbigay ng abiso sa ALJ at sa kabilang partido sa pasulat na paraan, sa loob ng 15 araw ng kalendaryo, na naniniwala ang partidong nakatanggap na hindi sapat ang kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig.

Sa loob ng limang araw ng kalendaryo simula sa pagtanggap sa abiso ng kawalan ng kasapatan, dapat magpasya ang ALJ kung natutugunan ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig ang mga kinakailangang nakalista sa itaas, at dapat itong mag-abiso sa iyo at sa distrito kaagad sa pasulat na paraan.

## Pag-amyenda sa Kahilingan sa Pagdinig

Magagawa mo lang baguhin o ng distrito ang kahilingan sa pagdinig kung:

1. Inaprubahan ng kabilang partido ang mga pagbabago sa pasulat na paraan at nabigyan ito ng pagkakataong bigyang resolusyon ang kahilingan sa pagdinig sa pamamagitan ng pagpupulong para sa resolusyon (kung ikaw, ang magulang, ay humiling ng patas na proseso ng pagdinig), gaya ng inilarawan sa ibaba; o,
2. Nang hindi lalagpas sa limang araw bago magsimula ang patas na proseso ng pagdinig, pinahintulutan ng opisyal ng pagdinig ang mga pagbabago.

Kung ikaw ang partidong humihiling ng pagdinig at gumawa ka ng mga pagbabago sa kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig, ang mga nakalaang panahon sa pagpupulong para sa resolusyon at ang nakalaang panahon para sa resolusyon (Tingnan ang: *Proseso ng Resolusyon*) ay nagsisimula muli sa petsa kung kailan inihain ang pag-amyenda sa kahilingan, o sa petsa kung kailan pinahintulutan ng ALJ ang kahilingan.

## Tugon ng Distrito sa Kahilingan sa Patas na Proseso ng Pagdinig

Kung hindi nagpadala ang distrito ng nakasulat na abiso sa iyo, ayon sa inilarawan sa heading na *Paunang Nakasulat na Abiso*, tungkol sa pinapatungkulang paksang nakapaloob sa iyong kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig, sa loob ng 10 araw ng kalendaryo simula sa pagtanggap sa iyong kahilingan sa pagdinig, ang distrito ay dapat na magpadala sa iyo ng tugon na kinabibilangan ng:

1. Isang paliwanag kung bakit iminungkahi o tinanggihan ng distrito ang pagkilos na isinaad sa kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig;
2. Isang paglalarawan ng iba pang mga opsyon na isinaalang-alang ng IEP team ng iyong anak at ang mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga opsyon na iyon;

3. Isang paglalarawan ng bawat pamamaraan sa pagsusuri, pagtatasa, tala o ulat na ginamit ng distrito bilang batayan ng iminumungkahi o tinatanggihang pagkilos; at,
4. Isang paglalarawan ng mga salik na nauugnay sa iminumungkahi o tinatanggihang pagkilos ng distrito.

Maaari pa ring idiin ng distrito na ang iyong kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig ay hindi sapat kahit na binigyan ka nito ng impormasyon sa item 1 hanggang 4 sa itaas.

## Ang Tugon ng Kabilang Partido sa Kahilingan sa Patas na Proseso ng Pagdinig

Maliban sa mga pinabilis na patas na proseso ng pagdinig para sa pagdidisiplina, tinalakay sa seksyon na *Mga Patas na Proseso ng Pagdinig para sa Pagdidisiplina*, sa loob ng 10 araw ng kalendaryo simula sa pagtanggap ng kahilingan, ang partidong nakakatanggap ng patas na proseso ng pagdinig ay dapat na magpadala sa kabilang partido ng sagot na partikular na tumutugon sa mga isyu sa kahilingan. Maaari pa ring idiin ng anumang partido na hindi sapat ang kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig.

### Mga Modelong Form

34 CFR §300.509; WAC 392-172A-05085

Gumawa ang OSPI ng modelo ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig upang matulungan ka sa paghahain para sa patas na proseso ng pagdinig. Makukuha ang form na ito sa web page na [OSPI - Espesyal na Edukasyon - Kahilingan sa Patas na Proseso ng Pagdinig - Mga form ng mga madalas itanong at ng kahilingan](#).

Hindi mo kailangang gamitin ang form na ito. Gayunpaman, ang iyong karapatan na mapasailalim sa patas na proseso ng pagdinig ay maaaring tanggihan o maantala kung hindi kumpleto ang lahat ng kinakailangang impormasyon sa kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig. Maaari ka ring makakuha ng kopya ng kahilingan sa pagdinig mula sa departamento ng espesyal na edukasyon ng iyong distrito.

## Placement ng Mag-aaral Habang Nakabinbin ang Patas na Proseso ng Pagdinig

34 CFR §300.518; WAC 392-172A-05125

Maliban na lang kung nakasaad sa heading na *Mga Pamamaraan Kapag Nagdidisiplina ng Mga Mag-aaral na May Mga Kapansanan*, kapag naipadala na ang kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig sa kabilang partido, sa panahong nakalaan para sa proseso ng resolusyon, at habang naghihintay ng desisyon mula sa anumang walang kinikilingang patas na proseso ng pagdinig o mula sa pagdinig ng isang hukumang nauugnay sa pag-apela sa desisyon ng ALJ, dapat manatili ang iyong anak sa kanyang kasalukuyang

placement na pang-edukasyon maliban na lang kung ikaw at ang distrito ay sumang-ayon sa paglipat.

Kung kabilang sa patas na proseso ng pagdinig ang aplikasyon para sa paunang pagpasok sa pampublikong paaralan, ang iyong anak, sa iyong pahintulot, ay dapat ilipat sa regular na programa ng pampublikong paaralan hanggang sa matapos ang lahat ng naturang paglilitis.

Kung kasama sa patas na proseso ng pagdinig ang probisyon ng mga paunang serbisyo sa ilalim ng Part B ng IDEA, para sa iyong anak, na lumilipat mula sa pagtanggap ng serbisyo sa Part C ng IDEA patungo sa Part B ng IDEA, at na hindi na kwalipikado para sa mga serbisyo ng Part C dahil naging tatlong taong gulang na ang iyong anak, hindi inaatasan ang distrito na magbigay ng mga serbisyo ng Part C na natatanggap niya. Kung napag-alamang kwalipikado ang iyong anak sa ilalim ng Part B ng IDEA at ibinigay mo ang iyong pahintulot sa iyong anak na makatanggap ng mga nauugnay na espesyal na serbisyo para sa kauna-unahang pagkakataon, kung ganoon, pagkatapos ng resulta ng mga paglilitis, dapat ibigay ng distrito ang mga espesyal na edukasyon na iyon at ang mga nauugnay na serbisyo na hindi nagdudulot ng hindi pagkakaunawaan sa pagitan mo at ng distrito.

Kung nagbigay ang ALJ ng desisyon na naaangkop ang pagpapalit ng placement, ang desisyon na iyon kaugnay ng placement ay dapat ituring bilang kasunduan sa pagitan mo at ng distrito ng paaralan para sa mga layunin ng placement sa panahon ng anumang pag-apela sa hukuman hinggil sa desisyon ng patas na proseso.

## Proseso ng Resolusyon

34 CFR §300.510; WAC 392-172A-05090

## Pagpupulong para sa Resolusyon

Sa loob ng 15 araw pagkatapos mong ihain ang iyong kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig sa distrito at sa OSPI, dapat makipagpulong ang distrito sa iyo at sa nauugnay na miyembro o mga miyembro ng IEP team na may partikular na kaalaman sa impormasyong tinukoy sa iyong kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig. Ang pagpupulong na ito ay dapat mangyari bago magsimula ang nakalaang panahon para sa patas na proseso ng pagdinig, maliban na lang kung ikaw at ang distrito ay sumang-ayon sa pamamagitan o sumang-ayon na iurong ang pagpupulong para sa resolusyon. Ang pagpupulong ay:

1. Dapat na may kinatawan ng distrito na may awtoridad sa pagpapasya sa ngalan ng distrito; at,
2. Hindi maaaring kabilangan ng isang abogado ng distrito maliban na lang kung mayroon kang kasamang abogado.

Ang layunin ng pagpupulong ay para iyong talakayin ang iyong kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig at sa impormasyong bumubuo ng batayan ng kahilingan, upang magkaroon ng pagkakataon ang distrito na bigyan ng resolusyon ang hindi pagkakaunawaan. Tutukuyin mo at ng distrito kung sino ang mga nauugnay na miyembro ng IEP team na lalahok sa pagpupulong para sa resolusyon.

Hindi kinakailangan ang pagpupulong para sa resolusyon kung:

1. Sumang-ayon ka at ang distrito sa pasulat na paraan na iurong ang pagpupulong; o,
2. Sumang-ayon ka at ang distrito na mapasailalim sa proseso ng pamamagitan, ayon sa inilarawan sa heading na *Pamamagitan*.

## Panahon ng Resolusyon

Kung hindi nalutas ng distrito ang kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig sa paraang ikasisiya mo sa loob ng 30 araw sa kalendaryo simula sa pagbibigay mo ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig sa distrito at sa OSPI, maaaring isagawa ang patas na proseso ng pagdinig.

Magsisimula ang nakalaang 45 araw sa kalendaryo para sa pagbibigay ng pinal na desisyon sa katapusan ng panahon ng resolusyon na 30 araw sa kalendaryo, nang may ilang partikular na pagbubukod para sa mga pagsasaayos na isinagawa sa panahon ng resolusyon na 30 araw sa kalendaryo, gaya ng inilarawan sa ibaba.

Maliban na lang kung ikaw at ang distrito ay kapwa sumang-ayon na iurong ang proseso ng resolusyon o mapasailalim sa pamamagitan, maaantala ng iyong pagkabigong lumahok sa pagpupulong para sa resolusyon ang mga nakalaang panahon para sa proseso ng resolusyon at sa patas na proseso ng pagdinig hanggang sa sumang-ayon kang lumahok sa pagpupulong.

Kung hindi natanggap ng distrito ang iyong pakikilahok sa pagpupulong para sa resolusyon pagkatapos nitong magsagawa ng mga makatwirang pagsisikap at pagdodokumento sa mga pagsisikap na iyon, sa katapusan ng nakalaang 30 araw sa kalendaryo para sa resolusyon, maaaring hilingin ng distrito sa ALJ na ipawalang-bisa ang iyong kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig. Dapat idokumento ng distrito ng paaralan ang mga pagtatangka nitong makipag-areglo sa isang kasunduan na sinang-ayunan ng parehong partido ukol sa panahon at lugar para sa pagpupulong para sa resolusyon. Kasama sa tala ng dokumentasyon ang mga pagtatangka, gaya ng:

1. Mga detalyadong tala ng mga tawag sa telepono na ginawa o tinangka at ang mga resulta ng mga pagtawag na iyon;
2. Mga kopya ng pakikipag-ugnayang ipinadala sa iyo at anumang mga tugon na natanggap; at,
3. Mga detalyadong tala ng mga pagbisitang ginawa sa iyong bahay o trabaho at ang mga resulta ng mga pagbisitang iyon.

Kung hindi nagawang ituloy ng distrito ang pagpupulong para sa resolusyon sa loob ng 15 araw sa kalendaryo simula sa petsa kung kailan mo ibinigay ang iyong kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig sa distrito at sa OSPI, o kung hindi nagawang lumahok ng distrito sa pagpupulong para sa resolusyon, maaari mong hilingin sa ALJ na iatas ang pagsisimula ng nakalaang 45 araw sa kalendaryo para sa patas na proseso ng pagdinig.

## Mga Pagsasaayos sa Nakalaang 30 Araw sa Kalendaryo para sa Resolusyon

Kung sumang-ayon ka at ang distrito sa pasulat na paraan na bawiin ang pagpupulong para sa resolusyon, magsisimula ang nakalaang 45 araw sa kalendaryo para sa patas na proseso ng pagdinig sa susunod na araw.

Pagkatapos magsimula ng pamamagitan o pagpupulong para sa resolusyon at bago magwakas ang nakalaang 30 araw sa kalendaryo para sa resolusyon, kung sumang-ayon ka at ang distrito, sa pasulat na paraan, na imposibleng magkaroon kayo ng kasunduan, magsisimula sa susunod na araw ang nakalaang 45 araw sa kalendaryo para sa patas na proseso ng pagdinig.

Kung sumang-ayon ka at ang distrito na mapasailaim sa proseso ng pamamagitan, ngunit wala pa kayong naaabot na kasunduan, sa pagwawakas ng nakalaang 30 araw sa kalendaryo para sa resolusyon, maaaring sumang-ayon ang parehong partido sa pasulat na paraan na ipagpatuloy ang pamamagitan hanggang sa magkaroon ng kasunduan. Gayunpaman, kung umalis ka o ang distrito sa proseso ng pamamagitan, magsisimula sa susunod na araw ang nakalaang 45 araw sa kalendaryo para sa patas na proseso ng pagdinig.

## Nakasulat na Kasunduan sa Pagsasaayos

Kung nalutas mo at ng distrito ang hindi pagkakaunawaan sa pagpupulong para sa resolusyon, ikaw at ang distrito ay dapat na pumasok sa isang legal na may bisang kasunduan na:

1. Nilagdaan mo at ng kinatawan ng distrito na may awtoridad na ipagkasundo ang distrito; at,
2. Maipapatupad sa anumang Mataas na Hukuman ng Estado ng Washington na may mapagkakatiwalaang hurisdiksyon o sa isang hukuman ng distrito ng Estados Unidos.

## Panahon ng Pagsusuri sa Kasunduan

Kung pumasok ka at ang distrito sa isang kasunduan bilang resulta ng isang pagpupulong para sa resolusyon, maaari mong wakasan o ng distrito ang kasunduan sa loob ng 3 araw ng negosyo mula sa oras kung kailan lumagda ka at ang distrito sa kasunduan.

## Walang Kinikilingang Patas na Proseso ng Pagdinig 34 CFR §300.511; WAC 392-172A-05080–05095

### Pangkalahatan

Sa tuwing may naghahain ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig, ikaw o ang distritong sangkot sa hindi pagkakaunawaan ay dapat na magkaroon ng pagkakataong mapasailalim sa walang kinikilingang patas na proseso ng pagdinig.

### Hukom sa Administratibong Batas (ALJ)

Isasagawa ang pagdinig ng isang kwalipikado at independiyenteng ALJ, na nagtatrabaho sa Opisina ng Mga Administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearings o OAH).

Bilang pamantayan, ang isang ALJ ay:

1. Hindi dapat empleyado ng OSPI o ng distritong may kinalaman sa edukasyon o pangangalaga ng bata. Gayunpaman, ang isang tao ay hindi empleyado ng ahensya nang dahil lang sa binabayaran siya ng ahensya upang magsilbi bilang ALJ;
2. Wala dapat personal o propesyonal na interes na sasalungat sa kawalang-kinikilingan ng ALJ sa pagdinig;
3. Dapat ay may sapat na kaalaman at pang-unawa sa mga probisyon ng IDEA, at sa mga pederal na regulasyon at regulasyon ng estado hinggil sa IDEA, at legal na interpretasyon ng IDEA ayon sa mga pederal na hukuman at hukuman ng estado; at,
4. Dapat ay mayroong kaalaman at kakayahan na magsagawa ng mga pagdinig, at gumawa at magsulat ng mga desisyon, na may naaangkop at pamantayang legal na kasanayan.

Dapat magtabi ang bawat distrito ng listahan ng mga taong nagsilbi bilang ALJ, kung saan kasama ang pahayag ng mga kwalipikasyon ng bawat ALJ. Makikita rin ang listahan ng ALJ sa website ng OSPI.

### Usaping Pinapatungkulan ng Patas na Proseso ng Pagdinig

Ang partidong humihiling ng patas na proseso ng pagdinig ay hindi dapat maghain ng mga isyu sa patas na proseso ng pagdinig na hindi binanggit sa kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig, maliban na lang kung sumang-ayon ang kabilang partido.

### Nakalaang Panahon para sa Paghiling ng Pagdinig

Ikaw o ang distrito ay dapat na maghain ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig sa loob ng dalawang taon simula sa petsa na nalaman o dapat na nalaman mo o ng distrito ang tungkol sa mga isyu na binanggit sa kahilingan sa pagdinig.



## Mga Pagbubukod sa Nakalaang Panahon

Ang nakalaang panahon sa itaas ay hindi nalalapat kung hindi ka makapaghain ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig dahil:

1. Partikular na nagkamali ang distrito sa interpretasyon na nalutas na nito ang problema o isyu na inilalahad mo sa iyong kahilingan sa pagdinig; o,
2. Hindi ipinaalam sa iyo ng distrito ang impormasyong kailangan nitong ibigay sa iyo alinsunod sa Part B ng IDEA.

## Mga Karapatan sa Pagdinig

34 CFR §300.512; WAC 392-172A-05100

### Pangkalahatan

May karapatan kang magsilbing kinatawan ng iyong sarili sa patas na proseso ng pagdinig (pati sa pagdinig na nauugnay sa mga paraan ng pagdidisiplina). Ikaw at ang distrito ng paaralan, bilang mga partido sa isang patas na proseso ng pagdinig (pati ang pagdinig na nauugnay sa mga paraan ng pagdidisiplina) ay may karapatan na:

1. Katawanin ng isang abugado at samahan at payuhan ng mga taong may espesyal na kaalaman o pagsasanay ukol sa mga problema ng mga mag-aaral na may mga kapansanan;
2. Magharap ng ebidensya at kuwestiyunin, suriin at iatas ang paglahok ng mga saksi;
3. Ipagbawal ang paghaharap ng anumang ebidensya sa pagdinig na hindi ibinunyag sa kabilang partido sa loob ng hindi bababa sa limang araw ng negosyo bago ang pagdinig;
4. Kumuha ng nakasulat, o, sa iyong kagustuhan, elektroniko, na tala ng bawat salita sa pagdinig; at,
5. Kumuha ng nakasulat, o, sa iyong kagustuhan, elektroniko, na pagpapasya sa impormasyon at mga desisyon.

### Karagdagang Pagbubunyag ng Impormasyon

Sa loob ng hindi bababa sa limang araw ng negosyo bago ang patas na proseso ng pagdinig, dapat ninyong ibunyag ng distrito sa isa't isa ang tungkol sa lahat ng pagsusuring natapos sa petsang iyon at ang mga rekomendasyon batay sa mga pagsusuring nilalayan mong gamitin o ng distrito sa pagdinig.

Maaaring pigilan ng ALJ ang anumang partido na nabigong sumunod sa kinakailangang ito na magpahayag ng nauugnay na pagsusuri o rekomendasyon sa pagdinig nang walang pahintulot ng kabilang partido.

### Mga Karapatan ng Magulang sa Mga Pagdinig

Dapat kang bigyan ng karapatan na:

1. Dalhin sa mga pagdinig ang iyong anak;

2. Buksan ang pagdinig sa publiko; at,
3. Ibinigay sa iyo nang walang bayad ang tala ng pagdinig, ang mga pagpapasya sa impormasyon at ang mga desisyon.

## Mga Nakalaang Panahon at Kaginhawaan ng Mga Pagdinig 34 CFR §300.515; WAC 392-172-05110

Sa loob ng hindi hihigit sa 45 araw sa kalendaryo pagkatapos ng pagwawakas ng nakalaang 30 araw sa kalendaryo para sa pagpupulong para sa resolusyon o, nang hindi hihigit sa 45 araw sa kalendaryo pagkatapos ng pagwawakas ng naisaayos na nakalaang panahon para sa resolusyon:

1. Nagkaroon ng pinal na desisyon sa pagdinig; at,
2. Nakapagpadala ng isang kopya ng desisyon sa bawat partido.

Maaaring magkaloob ang ALJ ng mga partikular na pagpapahaba sa oras nang higit sa nakalaang 45 araw sa kalendaryo na inilarawan sa itaas kung hihilingin ng alinmang partido.

Ang bawat pagdinig ay dapat isagawa sa oras at lugar na makatwirang pumapabor sa iyo at sa iyong anak.

## Mga Desisyon sa Pagdinig 34 CFR § 300.513; WAC 392-172-05105

### Desisyon ng ALJ

Ang desisyon ng ALJ tungkol sa kung nakatanggap ba ang iyong anak ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education o FAPE) ay dapat na nakabatay sa matitibay na ebidensya.

Sa mga pagdinig kung saan ipinaparatang mong gumawa ng paglabag sa proseso ang distrito, maaaring matutukoy lang ng ALJ na hindi nakatanggap ng FAPE ang iyong anak kung ang mga pagkukulang sa proseso ay:

1. Nakahadlang sa karapatan ng iyong anak na makatanggap ng FAPE;
2. Labis na nakahadlang sa iyong pagkakataon na makalahok sa proseso ng paggawa ng desisyon kaugnay ng probisyon ng FAPE sa iyong anak; o,
3. Nagdulot ng pagkakait sa isang benepisyong pang-edukasyon.

### Sugnay sa Konstruksyon

Kahit na hindi nakakita ang ALJ ng paglabag sa FAPE, maaari pa ring iatas ng ALJ sa distrito na sumunod sa mga kinakailangan sa seksyon na mga pamprotektang hakbang sa

proseso ng mga Pederal na regulasyon alinsunod sa Part B ng IDEA (34 CFR §§300.500 hanggang 300.536).

## Hiwalay na Kahilingan para sa Patas na Proseso ng Pagdinig

Maaari kang maghain ng hiwalay na kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig sa isang isyu na hiwalay sa kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig na naihain na.

## Ang Mga Pagpapasya at Desisyon sa Tagapayong Lupon at Pangkalahatang Publiko

Tinatanggal ng OSPI ang anumang personal na makakapagpakilalang impormasyon, at:

1. Ibinibigay ang mga pagpapasya at desisyon sa patas na proseso ng pagdinig sa Komite ng Pagpapayo sa Espesyal na Edukasyon (Special Education Advisory Committee o SEAC) ng Washington; at,
2. Ginagawang available ang mga pagpapasya at desisyong iyon sa publiko.

## Pagiging Pinal ng Desisyon; Apela

34 CFR §300.514; WAC 392-172A-05115

Ang isang desisyon na ginawa sa patas na proseso ng pagdinig (kasama ang pagdinig na nauugnay sa mga paraan ng pagdidisiplina) ay pinal, maliban na lang kung inapela ng alinmang partido (ikaw o ang distrito) na nauugnay sa pagdinig ang desisyon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng sibil na aksiyon, ayon sa inilarawan sa ibaba.

## Mga Sibil na Aksiyon, Kabilang ang Nakalaang Panahon Kung Kailan Makakapaghain ng Mga Pagkilos na Lyon

34 CFR §300.516; WAC 392-172A-05115

## Pangkalahatan

Kung hindi sumasang-ayon ang alinmang partido sa mga pagpapasya at desisyon sa patas na proseso ng pagdinig (kasama ang pagdinig na nauugnay sa mga paraan ng pagdidisiplina), may karapatan ang partidong iyon na magsagawa ng sibil na aksiyon kaugnay ng paksang pinapatungkulan ng patas na proseso ng pagdinig. Maaaring isagawa ang aksiyon sa isang hukuman ng estado na may mapapagkatiwalaang hurisdiksyon (isang hukuman ng estado na may awtoridad na dinggin ang ganitong uri ng kaso) o sa isang hukuman ng distrito ng Estados Unidos. Ang mga hukuman ng distrito ng Estados Unidos ay may awtoridad na magpasya sa mga pagkilos na isinagawa alinsunod sa Part B ng IDEA nang hindi isinasaalang-alang ang tindi ng hindi pagkakaunawaan.

## Limitasyon sa Oras

Ang partidong nagsasagawa ng pagkilos ay magkakaroon ng 90 araw sa kalendaryo mula sa petsa ng desisyon ng ALJ na maghain ng sibil na pagkilos.

## Mga Karagdagang Pamamaraan

Sa anumang sibil na pagkilos, ang hukuman ay:

1. Makakatanggap ng mga tala ng mga administratibong paglilitis;
2. Makikinig sa karagdagang ebidensya kung hihilingin mo o kung hihilingin ng distrito; at,
3. Nagbabatay ng mga desisyon nito sa pangigingibabaw ng ebidensya at nagkakaloob ng kaginhawaan na tinukoy ng hukuman bilang naaangkop.

## Patakaran sa Konstruksyon

Hindi ipinagbabawal o nililimitahan ng anumang bahagi ng Part B ng IDEA ang mga karapatan, pamamaraan at remedyong magagamit alinsunod sa Konstitusyon ng U.S., sa Americans with Disabilities Act of 1990, Title V ng Rehabilitation Act of 1973 (Seksyon 504), o iba pang mga Pederal na batas na pumoprotekta sa mga karapatan ng mga mag-aaral na may mga kapansanan. Gayunpaman, kung maghahain ka ng sibil na aksiyon alinsunod sa mga batas na ito at humihingi ka ng kaginhawaan na makukuha rin alinsunod sa Part B ng IDEA, dapat isagawa ang mga pamamaraan sa patas na proseso ng pagdinig sa itaas sa parehong antas na iaatas kung inihain mo ang pagkilos sa Part B ng IDEA. Ang ibig sabihin nito ay maaaring mayroon kang mga remedyong magagamit alinsunod sa mga batas na sumasaklaw sa mga remedyong magagamit din alinsunod sa IDEA, ngunit sa pangkalahatan, upang makakuha ng kaginhawaan sa ilalim ng mga batas na iyon, dapat ka munang mapasailalim sa mga pamamaraan ng walang kinikilingang patas na proseso ng pagdinig sa ilalim ng IDEA bago direktang tumungo sa hukuman.

## Mga Bayarin sa Abogado

34 CFR §300.517; WAC 392-172A-05120

## Pangkalahatan

Kung nangibabaw (nanalo) ka sa sibil na aksiyon at kinakatawan ka ng isang abogado, maaaring magkaloob ang hukuman, sa pagpapasya nito, ng mga makatwirang bayarin para sa abogado bilang bahagi ng mga halagang dapat mong bayaran.

Sa anumang pagkilos o paglilitis na isinagawa alinsunod sa Part B ng IDEA, ang hukuman, sa pagpapasya nito, ay maaaring magkaloob ng mga makatwirang bayarin sa mga abogado bilang bahagi ng mga gastusin ng nangingibabaw na distrito ng paaralan o OSPI, na babayaran ng iyong abogado, kung ang abogado ay: (a) naghain ng reklamo o kaso sa

hukuman na natukoy ng hukuman bilang walang kabuluhan, hindi makatwiran o walang sapat na pundasyon; o, (b) nagpatuloy sa asunto pagkatapos malinaw na ituring ang kaso bilang walang kabuluhan, hindi makatwiran at walang sapat na pundasyon; o,

Sa anumang pagkilos o paglilitis na isinagawa alinsunod sa Part B ng IDEA, ang hukuman, sa pagpapasya nito, ay maaaring magkaloob ng mga bayarin sa mga abogado bilang bahagi ng mga gastusin ng nangingibabaw na distrito ng paaralan o OSPI, na babayaran mo o ng iyong abogado, kung ang iyong kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig at kasunod na kaso sa hukuman ay inihain para sa anumang maling layunin, gaya ng panliligalig, pagdudulot ng hindi makatwirang pagkaantala, o upang hindi makatwirang pataasin ang gastusin ng pagkilos o paglilitis.

### Pagkakaloob para sa Mga Bayarin

Ang mga bayarin para sa abogado ay dapat na ibatay sa mga halagang karaniwang sinisingil sa komunidad kung saan isinagawa ang pagkilos o pagdinig para sa uri at kalidad ng mga serbisyong ibinigay. Hindi maaaring gumamit ng bonus o multiplier sa pagkalkula sa mga bayaring ipagkakaloob.

Ang mga bayarin para sa abogado ay hindi maaaring ipagkaloob, at hindi maaaring i-reimburse ang mga nauugnay na gastusin sa anumang pagkilos o pagdinig sa ilalim ng Part B ng IDEA para sa mga serbisyong isinagawa pagkatapos ibigay ang nakasulat na alok sa pakikipag-areglo sa iyo, kung:

1. Ginawa ang alok sa panahong iniatas sa Patakarang 68 ng Mga Pederal na Patakarang Pamamaraang Sibil o, sa kaso ng patas na proseso ng pagdinig o pagsusuri sa antas ng estado, sa anumang oras kung lagpas na ito sa 10 araw sa kalendaryo bago magsimula ang paglilitis;
2. Hindi tinanggap ang alok sa loob ng 10 araw sa kalendaryo; at,
3. Nalaman ng hukuman o ng ALJ na ang kaluwagang nakuha mo ay hindi gaanong pumapabor sa iyo kung ikukumpara sa alok ng pag-aareglo.

Sa kabila ng mga paghihigpit na ito, maaaring ipagkaloob ng hukuman ang mga bayarin para sa abogado at mga nauugnay na gastusin sa iyo kung ikaw ay nanalo at labis na pinanigan sa pagtanggap sa alok ng pag-aareglo.

Ang mga bayarin para sa abogado ay maaaring hindi ipagkaloob kaugnay ng anumang pagpupulong ng IEP team maliban na lang kung isinagawa ang pagpupulong bilang resulta ng administratibong paglilitis o pagkilos ng hukuman.

Ang isang pagpupulong para sa resolusyon na kinakailangan alinsunod sa mga pamamaraan sa patas na proseso ng pagdinig ay hindi ituturing na pagpupulong na isinagawa bilang resulta ng administratibong pagdinig o pagkilos ng hukuman, at hindi rin

ito ituturing na administratibong pagdinig o pagkilos ng hukuman para sa mga layunin ng mga probisyon ng mga bayarin para sa mga abogado na ito.

Maaaring bawasan ng hukuman, ayon sa naaangkop, ang halaga ng mga bayarin para sa abogado na ipagkakaloob alinsunod sa Part B ng IDEA, kung nalaman ng hukuman na:

1. Ikaw, o ang iyong abogado, sa panahon ng kurso ng pagkilos o paglilitis, ay nagdulot ng hindi makatwirang pag-antala sa pinal na resolusyon ng hindi pagkakaunawaan;
2. Ang halaga ng mga bayarin ng abogado, na inawtorisahang igawad sa anumang paraan ay hindi makatwirang lumalagpas sa halaga ng bayad kada oras na karaniwang sinisingil sa komunidad para sa mga katulad na serbisyo ng mga abogado na may makatwirang pagkakatulad pagdating sa kakayahan, reputasyon at karanasan;
3. Ang oras na inilaan at ang mga ibinigay na legal na serbisyo ay labis kung isasaalang-alang ang kalikasan ng pagkilos o paglilitis; o,
4. Hindi binigyan ng abogadong kumakatawan sa iyo ang distrito ng naaangkop na impormasyon sa abiso sa kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig ayon sa inilarawan sa heading na *Kahilingan sa Patas na Proseso ng Pagdinig*.

Gayunpaman, maaaring hindi bawasan ng hukuman ang mga bayarin kung nalaman ng hukuman na nagsagawa ng hindi makatwirang pagkilos ang estado o distrito ng paaralan upang maantala ang pinal na resolusyon ng pagkilos o paglilitis o kung nagkaroon ng paglabag sa ilalim ng mga probisyon ng mga pamprotektang hakbang sa proseso ng Part B ng IDEA.

## Mga Paraan ng Pagdisiplina sa Mga Mag-aaral na Kwalipikado para sa Espesyal na Edukasyon

May mga proteksyon sa espesyal na edukasyon na ibinibigay sa iyong anak kapag siya ay dinidisciplina. Ang mga proteksyon na ito ay karagdagan sa mga paraan ng pagdisiplina na nalalapat sa lahat ng mag-aaral. Ang mga proteksyong ito ay nalalapat din sa mga mag-aaral na hindi pa natutukoy bilang kwalipikado para sa espesyal na edukasyon kung dapat na nalaman ng distrito na magiging kwalipikado ang mag-aaral.

### Awtoridad ng Tauhan ng Paaralan

34 CFR §300.530; WAC 392-172A-05145

### Pagtukoy sa Bawat Kaso

Maaaring isaalang-alang ng tauhan ng paaralan ang anumang mga natatanging paraan para sa bawat kaso, kapag tinutukoy kung ang isang pagpapalit ng placement, na isinagawa alinsunod sa mga sumusunod na kinakailangan na nauugnay sa disiplina, ay naaangkop para sa iyong anak na lumabag sa kodigo ng asal ng mag-aaral ng paaralan.

## Pangkalahatan

Hanggang sa antas ng pagsasagawa nila ng naturang pagkilos para sa mga mag-aaral na walang kapansanan, maaaring alisin ng tauhan ng paaralan, nang hindi hihigit sa 10 magkakasunod na araw ng panuruan, ang iyong anak sa kanyang kasalukuyang placement at ilipat sa naaangkop na partikular na alternatibong setting ng edukasyon, sa iba pang setting, o suspendihin ang iyong anak, kapag nilabag niya ang kodigo ng asal ng mag-aaral. Ang tauhan ng paaralan ay maaari ring magpatupad ng mga karagdagang pag-aalis sa iyong anak nang hindi hihigit sa 10 magkakasunod na araw ng panuruan sa parehong taong panuruan para sa mga hiwalay na insidente ng maling asal; hangga't ang mga pag-aalis na iyon ay hindi nagsasagawa ng pagpapalit ng placement (tingnan ang *Pagpapalit ng Placement Nang Dahil sa Mga Pag-aalis na Pandisiplina* para sa kahulugan nito, sa ibaba).

Kapag naalis na ang iyong anak sa kanyang kasalukuyang placement sa loob ng kabuuang 10 araw ng panuruan sa parehong taong panuruan, dapat magbigay ang distrito, sa panahon ng anumang pag-aalis sa kasunod na araw sa taong panuruan na iyon, ng mga serbisyo hanggang sa sukdulan ng inaatas sa ibaba sa sub-heading na *Mga Serbisyo*.

## Karagdagang Awtoridad

Kung ang asal na dahilan ng paglabag sa kodigo ng asal ng mag-aaral ay hindi manipestasyon ng kapansanan ng iyong anak (tingnan ang *Pagtukoy sa Manipestasyon*, sa ibaba) at ang pandisiplinang pagpapalit ng placement ay lalagpas sa 10 magkakasunod na araw ng panuruan, maaaring ipatupad ng tauhan ng paaralan ang mga pamamaraang pandisiplina sa iyong anak sa parehong paraan at sa parehong tagal na nakukuha ng mga mag-aaral na walang kapansanan, maliban sa kundisyon na dapat ibigay ng paaralan ang mga serbisyo sa iyong anak gaya ng inilarawan sa ibaba sa *Mga Serbisyo*. Tutukuyin ng IEP team ng iyong anak ang partikular na alternatibong setting ng edukasyon para sa mga serbisyo sa iyong anak sa sitwasyong ito.

## Mga Serbisyo

Ang mga serbisyong dapat ibigay sa iyong anak, kapag inalis siya sa kanyang kasalukuyang placement, ay maaaring ibigay sa isang partikular na alternatibong setting ng edukasyon.

Ang isang distrito ay hindi inaatasang magbigay ng mga serbisyo sa iyong anak kung siya ay inalis sa kanyang kasalukuyang placement sa loob ng 10 araw ng panuruan o mas mababa sa taong panuruan na iyon, maliban na lang kung nagbibigay ito ng mga serbisyo sa mga mag-aaral na walang kapansanan na naalis din.

Kung inalis ang iyong anak sa kanyang kasalukuyang placement nang higit sa 10 araw ng panuruan, ang iyong anak ay dapat na:

1. Patuloy na matanggap ang mga serbisyo ng edukasyon, upang mabigyang-daan ang iyong anak na patuloy na makilahok sa pangkalahatang kurikulum ng edukasyon, bagama't sa ibang setting, at sa pag-usad patungo sa pagtugon sa mga layuning itinakda sa kanyang IEP; at,
2. Kung ang asal ng iyong anak ay hindi manipestasyon ng kanyang kapansanan, siya ay dapat makatanggap ng, ayon sa naaangkop, isang epektibong pagtatasa sa asal, at mga serbisyo at pagbabago sa pagwawasto sa asal, na idinisenyo upang matugunan ang asal ng paglabag upang hindi na ito muling mangyari.

Pagkatapos maalis ng iyong anak sa kanyang kasalukuyang placement sa loob ng 10 araw ng panuruan sa parehong taong panuruan, at kung ang kasalukuyang pag-alis ay 10 magkakasunod na araw ng panuruan o mas mababa, at, kung ang pag-alis ay hindi natukoy bilang pagpapalit ng placement (tingnan ang kahulugan sa ibaba), ibig sabihin, tutukuyin ng tauhan ng paaralan, nang kinokonsulta ang kahit isa lang sa mga guro ng iyong anak, ang hangganan ng pangangailangan sa mga serbisyo upang mabigyang-daan ang iyong anak na maipagpatuloy ang pakikilahok sa pangkalahatang kurikulum ng edukasyon, bagama't nasa ibang setting, at upang makausad patungo sa pagtugon sa mga layuning itinakda sa IEP ng iyong anak.

Kung ang pag-aalis at pagpapalit ng placement (tingnan ang kahulugan sa ibaba), tutukuyin ng IEP team ng iyong anak ang mga naaangkop na serbisyo upang mabigyang-daan ang iyong anak na maipagpatuloy ang pakikilahok sa pangkalahatang kurikulum ng edukasyon, bagama't nasa ibang setting, at upang makausad patungo sa mga layuning pagpupulong na itinakda sa kanyang IEP.

### Pagpapalit sa Placement Nang Dahil sa Mga Pandisiplinang Pag-aalis 34 CFR §300.536; WAC 392-172A-05146 – WAC 392-172A-05155

Ang pag-aalis ng iyong anak sa kanyang kasalukuyang placement na pang-edukasyon ay isang Pagpapalit sa Placement kung:

1. Ang pag-aalis ay higit sa 10 magkakasunod na araw ng panuruan; o,
2. Ang iyong anak ay nakakaranas ng isang serye ng mga pag-aalis na mayroong pattern dahil:
  - a. Ang serye ng mga pag-aalis ay may kabuuang higit sa 10 araw ng panuruan kada taong panuruan;
  - b. Ang asal ng iyong anak ay may malaking pagkakatulad sa kanyang asal sa mga nakalipas na insidente na nagresulta sa serye ng mga pag-aalis; at,
  - c. May mga karagdagang salik na isinasaalang-alang gaya ng tagal ng bawat pag-aalis, ang kabuuang haba ng oras na inalis ang iyong anak, at ang lapit ng mga pag-aalis sa bawat isa.

Tutukuyin ng distrito ng paaralan kung ang isang pattern ng mga pag-aalis ay nagdudulot ng pagpapalit sa placement para sa bawat kaso at, kung kukuwestiyunin mo ito, ito ay



mapapasailalim sa pagsusuri sa pamamagitan ng mga patas na proseso at panghukumang paglilitis.

## Pag-aabiso

Sa petsa kung kailan ginawa ng distrito ang desisyon na magsagawa ng pag-aalis na pagpapalit ng placement para sa iyong anak nang dahil sa paglabag sa kodigo ng asal ng mag-aaral, dapat ka nitong abisuhan tungkol sa desisyon na iyon, at bigyan ka ng abiso ukol sa mga pamprotektang hakbang sa proseso.

## Pagtukoy sa Manipestasyon

Sa loob ng 10 araw ng panuruan simula sa anumang desisyon na palitan ang placement (tingnan ang *Pagpapalit ng Placement Dahil sa Mga Pag-aalis na Pandisiplina*) ng iyong anak dahil sa paglabag sa kodigo ng mag-aaral, dapat suriin ng distrito at ng mga nauugnay na miyembro ng IEP team, na tutukuyin mo at ng distrito, ang lahat ng nauugnay na impormasyon sa file ng iyong anak, kabilang ang kanyang IEP, anumang obserbasyon ng guro, at anumang nauugnay na impormasyon na ibinigay mo upang tiyakin:

1. Kung ang pinapatungkulang asal ay dulot ng, o may direkta at malaking kaugnayan sa, kapansanan ng iyong anak; o,
2. Kung ang asal na pinapatungkulan ay ang direktang resulta ng pagkabigo ng distrito na ipatupad ang IEP ng iyong anak.

Kung natukoy ng mga nauugnay na miyembro ng IEP team ng iyong anak, kasama ka, na natugunan ang alinman sa mga kundisyong iyon, dapat tukuyin ang asal bilang manipestasyon ng kapansanan ng iyong anak.

Kung natukoy ng pangkat na inilarawan sa itaas na ang asal na pinapatungkulan ay direktang resulta ng pagkabigo ng distrito na ipatupad ang IEP, dapat magsagawa ng agarang pagkilos ang distrito upang lutasin ang mga pagkukulang.

## Pagtukoy Kung ang Asal ng Mag-aaral ay Manipestasyon ng Kanyang Kapansanan

Kapag natukoy ng pangkat na ito, na kinabibilangan mo, na ang asal ay manipestasyon ng kapansanan ng iyong anak, dapat gawin ng IEP team ang alinman sa sumusunod:

1. Magsagawa ng epektibong pagtatasa sa asal, maliban na lang kung nakapagsagawa na ang distrito ng epektibong pagtatasa sa asal bago mangyari ang asal na iyon na nagresulta sa pagpapalit ng placement, at magpatupad ng plano ng pagwawasto sa asal para sa iyong anak; o,
2. Kung may nagawa nang plano ng pagwawasto sa asal, suriin ang plano ng pagwawasto sa asal, at baguhin ito ayon sa kinakailangan, upang matugunan ang asal ng iyong anak.

Maliban na lang sa inilarawan sa ibaba sa sub-heading na *Mga Espesyal na Sitwasyon*, dapat ibalik ng distrito ang iyong anak sa placement kung saan siya galing, maliban na lang kung sumang-ayon ka at ang distrito sa pagpapalit ng placement bilang bahagi ng pagbabago sa plano ng pagwawasto sa asal.

## Mga Espesyal na Sitwasyon

Maaaring alisin ng tauhan ng paaralan ang iyong anak sa partikular na alternatibong setting ng edukasyon (na tinutukoy ng IEP team ng mag-aaral), manipestasyon man ng kapansanan ang asal ng iyong anak o hindi, nang hanggang 45 araw ng panuruan, kung siya ay:

1. Nagdadala ng armas (tingnan ang kahulugan sa ibaba) sa paaralan o may armas sa paaralan, sa mga lugar na nasasakupan ng paaralan, o sa isang pagtitipong sinimulan ng paaralan na napapasailalim sa hurisdiksyon ng isang distrito;
2. Napag-alamang mayroon o gumagamit ng ilegal na droga (tingnan ang kahulugan sa ibaba), o nagbebenta o nagbibigay-daan sa pagbebenta ng kinokontrol na substance, (tingnan ang kahulugan sa ibaba), habang nasa paaralan, sa mga lugar na nasasakupan ng paaralan, o sa isang pagtitipong sinimulan ng paaralan na napapasailalim sa hurisdiksyon ng isang distrito; o,
3. Nagdulot ng malalang pinsala sa katawan (tingnan ang kahulugan sa ibaba) ng ibang tao habang nasa paaralan, sa mga lugar na nasasakupan ng paaralan, o sa isang pagtitipong sinimulan ng paaralan na napapasailalim sa hurisdiksyon ng isang distrito.

## Mga Kahulugan

- Ang *kontroladong substance* ay tumutukoy sa isang gamot o iba pang substance na tinukoy sa schedule I, II, III, IV, o V sa seksyon 202(c) ng Controlled Substances Act (21 U.S.C. 812(c)).
- Ang *ilegal na gamot* ay tumutukoy sa kontroladong substance; ngunit hindi kinabibilangan ng kontroladong substance na legal na nakukuha o nagagamit sa ilalim ng pangangasiwa ng isang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o na legal na nakukuha o nagagamit sa ilalim ng anumang iba pang awtoridad alinsunod sa Act o ng anumang iba pang probisyon ng Pederal na batas.
- Ang *malubhang pinsala sa katawan* ay tumutukoy sa pinsala sa katawan na kinauugnayan ng: isang matinding panganib na humantong sa kamatayan; matinding pananakit ng katawan; matagal at halatang pagkasira sa anyo ng katawan; o matagal na pagkawala o pagkasira ng function ng isang bahagi ng katawan, organo o kakayahan.
- Ang *armas* ay tumutukoy sa armas, aparato, gamit, materyal, o substance, gumagalaw o hindi gumagalaw, na ginagamit, o agad na magagamit, upang magdulot ng kamatayan o matinding pinsala sa katawan, bagama't hindi kabilang sa naturang termino ang isang lansetang may talim na wala pang dalawa't kalahating pulgada ang haba.

## Pagtukoy sa Setting

34 CFR § 300.531; WAC 392-172A-05145; WAC 392-172A-05149

Dapat tukuyin ng IEP team ang partikular na alternatibong setting ng edukasyon para sa mga pag-aalis na Mga Pagpapalit ng Placement, at mga pag-aalis sa ilalim ng mga heading na *Karagdagang Awtoridad at Mga Espesyal na Sitwasyon*, sa itaas.

## Apela ng Mga Desisyon sa Placement at Mga Pagtukoy ng Manipestasyon (Mga Pamamaraan sa Patas na Proseso ng Pagdinig para sa Pagdidisiplina)

34 CFR § 300.532; WAC 392-172A-05160

Maaari kang maghain ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig kung hindi ka sumasang-ayon sa:

1. Anumang desisyon kaugnay ng placement na isinagawa alinsunod sa mga probisyon ng pagdidisiplina na ito; o,
2. Sa pagtukoy sa manipestasyon na inilarawan sa itaas.

Maaaring maghain ang distrito ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig kung naniniwala ito na ang pananatili sa kasalukuyang placement ng iyong anak ay mas malamang na magresulta sa pinsala sa iyong anak o sa ibang mga tao.

Tingnan ang seksyon na Mga Pamamaraan sa Patas na Proseso ng Pagdinig para sa higit pang impormasyon sa paghahain ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig.

## Awtoridad ng Hukom sa Administratibong Batas (ALJ)

Ang isang ALJ ay maaaring magsagawa ng patas na proseso ng pagdinig at gumawa ng desisyon. Maaaring isagawa ng ALJ ang sumusunod:

1. Ibalik ang iyong anak sa placement kung saan siya inalis kung natukoy ng ALJ na ang pag-aalis ay isang paglabag sa mga kinakailangan na inilarawan sa heading na *Awtoridad ng Tauhan ng Paaralan*, o na ang asal ng iyong anak ay manipestasyon ng kanyang kapansanan; o,
2. Mag-atas ng pagpapalit ng placement ng iyong anak sa isang naaangkop na partikular na alternatibong setting ng edukasyon, nang hindi hihigit sa 45 araw ng panuruan kung natukoy ng ALJ na ang pananatili ng iyong anak sa kasalukuyang placement ay mas malamang na magresulta sa pinsala sa iyong anak o sa iba pang mga tao.

Maaaring ulitin ang mga proseso sa pagdinig na ito kung naniniwala ang distrito na ang pagbalik ng iyong anak sa orihinal na placement ay mas malamang na magresulta sa pinsala sa iyong anak o sa iba pa.

Sa tuwing hihiling ka o ang distrito ng patas na proseso ng pagdinig, dapat matugunan ng kahilingan ang mga kinakailangang inilarawan sa ibaba sa mga heading na *Mga*

*Pamamaraan sa Kahilingan sa Patas na Proseso ng Pagdinig at Mga Patas na Proseso ng Pagdinig*, maliban na lang sa mga sumusunod:

1. Pinabilis ang patas na proseso ng pagdinig, at dapat itong mangyari sa loob ng 20 araw ng panuruan simula sa petsa kung kailan hiniling ang pagdinig. Dapat magbigay ang ALJ ng desisyon sa loob ng 10 araw ng panuruan pagkatapos ng pagdinig.
2. Maliban na lang kung nagkasundo kayo ng distrito sa pasulat na paraan na iurong ang pagpupulong, o nagkasundo kayo na mapasailalim sa pamamagitan, dapat magkaroon ng pagpupulong para sa resolusyon sa loob ng pitong araw sa kalendaryo simula sa petsa kung kailan ka naghain ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig sa OSPI at sa distrito. Maaaring umusad ang pagdinig maliban na lang kung nagkaroon ng resolusyon ang usapin sa paraang kapwa ikinasiya ng parehong partido sa loob ng 15 araw sa kalendaryo simula sa pagtanggap ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig.
3. Naglaan ang OSPI ng panahon na dalawang (2) araw ng negosyo para sa pagkalap ng ebidensya kapag naghain ka o ang distrito ng pinabilis na kahilingan sa proseso ng patas na pagdinig (para sa pagdidisiplina).

Ikaw o ang distrito ng paaralan ay maaaring magsimula ng sibil na aksyon, na kumukwestiyon sa desisyon sa isang pinabilis na patas na proseso ng pagdinig sa parehong paraan ng pagkuwestiyon nila sa mga desisyon sa mga patas na proseso ng pagdinig hinggil sa espesyal na edukasyon na hindi ukol sa pagdidisiplina (tingnan ang *Mga Apela* sa itaas).

Placement sa Panahon ng Mga Pinabilis na Patas na Proseso ng Pagdinig  
34 CFR §300.533; WAC 392-172A-05165

Kapag naghain ka o ang distrito ng kahilingan sa patas na proseso ng pagdinig na nauugnay sa mga usaping pandisiplina, maliban na lang kung sumasang-ayon ka at ang distrito sa ibang paraan ng pakikipag-areglo, dapat manatili ang iyong anak sa partikular na alternatibong setting ng edukasyon habang nakabinbin ang desisyon ng opisyal ng pagdinig, o hanggang sa pagwawakas ng nakalaang panahon para sa pag-alis, na inilarawan sa heading na *Awtoridad ng Tauhan ng Paaralan*, anuman ang maunang mangyari.

Mga Proteksyon para sa Mga Mag-aaral na Hindi pa Kwalipikado sa Espesyal na Edukasyon at sa Mga Nauugnay na Serbisyo  
34 CFR §300.534; WAC 392-172A-05170

## Pangkalahatan

Kung hindi natukoy ang iyong anak bilang kwalipikado para sa espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo, at lumalabag sa kodigo ng asal ng mag-aaral, maaari mong idiin ang mga pamprotektang hakbang sa proseso ng iyong anak kung natukoy na alam

ng distrito na dapat ay nasuri ang iyong anak at natukoy na kwalipikado para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon bago nangyari ang asal na naging dahilan ng aksiyong pandisiplina.

## Basehan ng Kaalaman para sa Mga Usaping Pandisiplina

Dapat ay makitang may kaalaman ang distrito na kwalipikado ang iyong anak para sa espesyal na edukasyon kung, bago ang asal na pinagmulan ng aksiyong pandisiplina, ay:

1. Naipahayag mo ang iyong alalahanin sa pasulat na paraan na ang iyong anak ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa nangangasiwa o namamahalang tauhan ng distrito ng paaralan, o sa isang guro ng iyong anak;
2. Humiling ka ng pagsusuring nauugnay sa kwalipikasyon para sa espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa ilalim ng Part B ng IDEA; o,
3. Ang guro ng iyong anak, o iba pang tauhan ng distrito, ay direktang nagpahayag ng mga partikular na alalahanin tungkol sa pattern ng asal na ipinapakita ng iyong anak sa direktor ng espesyal na edukasyon ng distrito, o sa iba pang nangangasiwang tauhan ng distrito.

## Pagbubukod

Hindi ituturing na may kaalaman ang isang distrito kung:

1. Hindi mo pinayagan ang pagsusuri sa iyong anak o tumanggi ka sa mga espesyal na serbisyo ng edukasyon; o,
2. Sinuri at natukoy ang iyong anak bilang hindi kwalipikado para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon.

## Mga Nalalapat na Kundisyon Kung Walang Batayan ng Kaalaman

Kung hindi alam ng isang distrito na ang iyong anak ay kwalipikado para sa espesyal na edukasyon, bago ang pagsasagawa ng mga aksiyong pandisiplina laban sa iyong anak, ayon sa inilarawan sa itaas sa mga sub-heading na *Batayan ng Kaalaman para sa Mga Usaping Pandisiplina* at *Pagbubukod*, ang iyong anak ay maaaring mapasailalim sa mga aksiyong pandisiplina na nalalapat sa mga mag-aaral na walang kapansanan para sa mga parehong uri ng asal.

Gayunpaman, kung humiling ka o ang distrito ng pagsusuri para sa iyong anak sa yugto ng panahon kung saan siya ay napapasailalim sa mga aksiyong pandisiplina, ang pagsusuri ay dapat isagawa sa isang pinabilis na paraan.

Hanggang sa matapos ang pagsusuri, mananatili ang iyong anak sa placement na pang-edukasyon na tinukoy ng mga awtoridad ng paaralan, na maaaring kabilangan ng pagkasuspinde o pagtiwalag nang walang mga serbisyon pang-edukasyon.

Kung natukoy ang iyong anak bilang kwalipikado para sa mga serbisyong espesyal na edukasyon, nang isinasaalang-alang ang impormasyong mula sa pagsusuring isinagawa ng distrito at ang impormasyong ibinigay mo, dapat magbigay ang distrito ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo sa iyong anak at sundin ang mga kinakailangang pandisiplina na inilarawan sa itaas.

## Mungkahi at Pagkilos ng Tagapagpatupad ng Batas at Mga Panghukumang Awtoridad

34 CFR §300.535; WAC 392-172A-05175

Ang Part B ng IDEA ay hindi:

1. Nagbabawal sa isang distrito ng paaralan na mag-ulat ng krimen na ginawa ng iyong anak na kwalipikado para sa espesyal na edukasyon sa mga naaangkop na awtoridad; o,
2. Nagbabawal sa mga awtoridad na nagpapatupad ng batas ng estado at sa panghukumang awtoridad na isagawa ang kanilang mga responsibilidad kaugnay ng paglalapat ng pederal na batas at batas ng estado sa mga krimen na ginawa ng iyong anak.

## Pagpapasa ng Mga Tala

Kung nag-ulat ang isang distrito ng krimen na isinagawa ng iyong anak, dapat gawin ng distrito ang sumusunod:

1. Tiyakin na maipapasa ang mga kopya ng espesyal na edukasyon at mga talang pandisiplina ng iyong anak upang maisaalang-alang ng mga awtoridad kung saan iuulat ng ahensya ang krimen; at,
2. Maaari lang ipasa ang mga kopya ng espesyal na edukasyon at mga talang pandisiplina ng iyong anak sa hangganan ng pinapahintulutan ng FERPA.

## Mga Kinakailangan para sa Partikular na Placement ng Mga Magulang ng Mga Mag-aaral sa Mga Pribadong Paaralan sa Gastos ng Publiko Kapag May Isyu sa FAPE

CFR § 300.148; WAC 392-172A-04115

Kung naniniwala ka na ang iyong distrito ng paaralan ay hindi makakapagbigay ng FAPE para sa iyong anak at pinili mong ipatala ang iyong anak sa isang pribadong paaralan nang walang pagsang-ayon mula sa distrito, mayroon kang mga partikular na hakbang na dapat gawin upang humiling ng reimbursement mula sa distrito para sa pribadong paaralan.

## Reimbursement Para sa Placement sa Pribadong Paaralan

Kung ang iyong anak ay nakatanggap dati ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo mula sa isang distrito ng paaralan, at pinili mong ipatala ang iyong anak sa isang

pribadong preschool, mababang paaralan, o mataas na paaralan, nang walang pahintulot o mungkahi mula sa distrito, maaaring atasan ng isang hukuman o ALJ ang distrito na i-reimburse sa iyo ang halaga ng pagpapatala kung natukoy ng hukuman o ng ALJ na hindi ginawang available ng distrito ng paaralan ang FAPE para sa iyong anak sa napapanahong paraan bago ang pagpapatala na iyon at na naaangkop ang pribadong placement. Maaaring matukoy ng hukuman o ng ALJ ang iyong placement bilang naaangkop, kahit na hindi natutugunan ng placement ang mga pamantayan ng estado na nalalapat sa edukasyong ibinibigay ng mga distrito.

## Limitasyon sa Reimbursement

Maaaring bawasan o itanggi ang pagbibigay ng halaga ng reimbursement ayon sa inilarawan sa talata sa itaas:

1. Kung: (a) Sa pinakamakailang pagpupulong ng IEP na nilahukan mo bago ang pag-aalis mo sa iyong anak sa pampublikong paaralan, hindi mo inabisuhan ang IEP team na tinatanggihan mo ang placement na iminungkahi ng distrito upang makapagbigay ng FAPE sa iyong anak, kasama ang pagpapahayag ng mga alalahanin at ng iyong kagustuhan na ipatala ang iyong anak sa isang pribadong paaralan sa gastos ng publiko; o (b) Sa loob ng hindi bababa sa 10 araw ng negosyo (kasama ang anumang mga pista-opisyal na kasama sa araw ng negosyo) bago ang pag-aalis mo sa iyong anak sa pampublikong paaralan, ay hindi ka nagbigay ng nakasulat na abiso sa distrito tungkol sa impormasyon na iyon;
2. Kung, bago ang iyong pag-aalis sa iyong anak sa pampublikong paaralan, nagbigay ang distrito ng paunang nakasulat na abiso sa iyo, tungkol sa kagustuhan nitong suriin ang iyong anak (kasama ang pahayag ng layunin ng pagsusuri na naaangkop at makatwiran), ngunit hindi mo pinayagan ang iyong anak na mapasailalim sa pagsusuri; o,
3. Batay sa pagsusuri ng hukuman, nalaman na ang iyong mga pagkilos ay hindi makatwiran.

Gayunpaman, ang halaga ng reimbursement:

1. Ay hindi dapat bawasan o ipagkait para sa pagkabigong magbigay ng abiso kung: (a) pinigilan ka ng paaralan na maibigay ang abiso; (b) hindi ka nakatanggap ng abiso sa iyong responsibilidad na magbigay ng abisong inilarawan sa itaas; o (c) ang pagsunod sa mga kinakailangan sa itaas ay malamang na magresulta sa pisikal na pinsala sa iyong anak; at,
2. Sa pagpapasya ng hukuman o ng isang ALJ, maaaring hindi bawasan o ipagkait para sa pagkabigong magbigay ng abiso kung: (a) hindi mo nauunawaan o hindi ka nakakasulat sa wikang Ingles; o (b) ang pagsunod sa kinakailangan sa itaas ay malamang na magresulta sa emosyonal na pinsala sa iyong anak.

## Mga Mapagkukunan

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga pamprotektang hakbang sa proseso, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong distrito ng paaralan o OSPI para sa karagdagang impormasyon:

OSPI  
P.O Box 47200  
Olympia, WA 98504  
360-725-6075  
[speced@k12.wa.us](mailto:speced@k12.wa.us)  
[OSPI - Special Education web page](#)  
[OSPI - Special Education - Families web page](#)

Ang pampublikong organisasyon na pinopondohan ng publiko sa ibaba ay maaaring magbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa Estado ng Washington:

[Partnerships for Action Voices for Empowerment \(PAVE\)](#)  
6316 So. 12<sup>th</sup> St.  
Tacoma, WA 98465  
(800) 5-PARENT (v/tty)  
e-mail: [pave@wapave.org](mailto:pave@wapave.org)  
Website: [Partnerships for Action Voices for Empowerment \(PAVE\)](#)





Maliban kung tinukoy na iba, ang dokumentong ito ng [Opisina ng Superintendente ng Publikong Pagtuturo \(Office of Superintendent of Public Instruction\)](#) ay may lisensya sa ilalim ng [Creative Commons Attribution License](#).

*Mangyaring tiyakin ang pagkakaroon ng pahintulot upang gamitin ang lahat ng elemento ng lathalaing ito (mga imahe, chart, teksto, atbp.) na hindi likha ng kawani ng OSPI, mga grantee, o kontratista. Dapat makita ang pahintulot na ito bilang pahayag ng pagpapalagay sa paraan na tinukoy ng may-ari ng copyright. Dapat gawing malinaw na ang elemento ay isa sa mga pagbubukod na kabilang sa "maliban kung tinukoy na iba" sa bukas na lisensya ng OSPI.*

*Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita sa OSPI Interactive Copyright and Licensing Guide.*

---

*Ang OSPI ay nagbibigay ng patas na access sa lahat ng programa at serbisyo nang hindi nandiskrimina batay sa kasarian, lahi, pananampalataya, relihiyon, kulay ng balat, bansang pinagmulan, edad, katayuan sa pagiging beterano na marangal na pinagbitiw o status sa militar, sekswal na oryentasyon kasama ang pagpapahayag ng sekswalidad o pagkakakilanlan, ang pagkakaroon ng anumang kapansanan sa pandama, pag-iisip o katawan, o ang paggamit ng isang tao na may kapansanan ng sinanay na asong nagsisilbing gabay o hayop na sumusuporta. Ang mga tanong at reklamo ukol sa pinaghihinalaang kaso ng diskriminasyon ay dapat na idirekta sa Direktor ng Katarungan at Mga Sibil na Karapatan (Equity and Civil Rights Director) sa 360-725-6162 o P.O. Box 47200, Olympia, WA 98504-7200.*

*I-download ang materyal na ito bilang PDF sa web page na [OSPI – Espesyal na Edukasyon – Mga Pamprotektang Hakbang](#). Makakakuha ka ng kopya ng materyal na ito sa alternatibong format kapag hiniling mo. Makipag-ugnayan sa Resource Center sa 888-595-3276, TTY 360-664-3631. Sumangguni sa numero ng dokumento na ito para sa mas mabilis na serbisyo: 19-0008.*

---



Chris Reykdal • Superintendente ng Estado  
Office of Superintendent of Public Instruction  
Old Capitol Building • P.O. Box 47200  
Olympia, WA 98504-7200